**Nilalaman**

PAMBUNGAD

PAUNANG SALITA

I. PRODUKTO AT SAHOD

II. PRODUKSYON, SAHOD AT TUBO

III. SAHOD AT PANANALAPI

IV. SUPLAY AT PANGANGAILANGAN

V. SAHOD AT PRESYO

VI. HALAGA AT PAGGAWA

VII. LAKAS PAGGAWA

VIII. PRODUKSYON NG LABIS NA HALAGA

IX. HALAGA NG PAGGAWA

X. NAKAKAMAL ANG TUBO SA PAMAMAGITAN NG PAGBEBENTA NG KALAKAL SA HALAGA NITO

XI. ANG PAGKAKAHATI NG LABIS NA HALAGA SA IBA'T IBANG BAHAGI

XII. PANGKALAHATANG RELASYON NG TUBO, SAHOD AT PRESYO

XIII. MGA PANGUNAHING KASO NG PAGPUPUNYAGING ITAAS ANG SAHOD O LABANAN ANG PAGBABA NITO

XIV. ANG TUNGGALIAN SA PAGITAN NG KAPITAL AT PAGGAWA AT ANG MGA IBINUBUNGA NITO

*MGA TALA*

**SAHOD, PRESYO AT TUBO**

**Pambungad**

Ang kasalukuyang akda ay ang talumpati ni Karl Marx sa dalawang sesyon ng Pangkalahatang Konseho ng Unang Internasyonal noong Hunyo 20 at 27, 1865. Ang mga sirkumstansyang nagdulot upang gawin ang ulat na ito ay ang mga sumusunod:

Sa sesyon ng Pangkalahatang Konseho noong Abril 4, 1865, si John Weston na isang maimpluwensyang miyembro ng Pangkalahatang Konseho at kinatawan ng mga manggagawang Ingles ay nagmungkahi na dapat talakayin ng Pangkalahatang Konseho ang mga sumusunod na usapin:

(1) Sa pangkalahatan ba ay mapapaunlad ng pagtataas ng sahod ang panlipunan at materyal na kalagayan ng uring manggagawa?

(2) Hindi ba't may masamang epekto sa ibang sangay ng industriya ang pagsisikap ng mga unyon na maitaas ang sahod?

Ideneklara ni Weston na naninindigan siya sa negatibong kasagutan sa unang katanungan at positibong kasagutan sa ikalawang katanungan.

Nag-ulat si Weston at tinalakay sa sesyon ng Konseho ang naturang ulat noong Mayo 2 at 20. Sa isang liham kay Engels noong Mayo 20, 1865, sinabi ni Marx ang ganito:

> Ngayong gabi ay isang ispesyal na sesyon ng Internasyonal. Isang mabait na tao, isang lumang Owenista at isang karpintero, si *Weston*, ay nagpanukala ng dalawang proposisyon na patuloy niyang ipinagtatanggol sa *Beehive: (1)* Na ang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod ay walang kabuluhan sa mga manggagawa; *(2)* at kung gayon *masama* ang idudulot ng mga unyon.
>
> Kapag ang dalawang panukalang ito, na tanging siya lamang sa ating lipunan ang naniniwala, ay tinanggap, magiging katawa-tawa ang mangyayari batay sa kalagayan ng mga unyon dito at dahil sa *malaganap na mga welga* na umiiral ngayon sa Kontinente...siyempre inaasahan akong pabulaanan ang bagay na ito. Ninanais ko sana kung gayon na gawin ngayong gabi ang aking kasagutan ngunit naisip kong mas mahalaga na isulat ito sa aking libro *(Capital)* kaya kailangang mabilis ko itong gawin.
>
> Siyempre alam ko na dati pa kung ano ang dalawang pangunahing punto: (1) Na ang *sahod sa paggawa* ang siyang nagtatakda ng halaga ng mga kalakal, (2) na kapag ang mga kapitalista ay nagbayad ngayon ng lima imbes na apat na *shillings* bukas ay ipagbibili nila ang kanilang kalakal ng lima imbes na apat na *shillings* ( magagawa nila ito dahil sa pagtaas ng demand).
>
> Wala mang katuturan ang bagay na ito dahil nakabatay sa mga pinakamababaw na panlabas na kaanyuan gayunma'y hindi madali na ipaliwanag sa mga ignoranteng tao ang lahat ng mga pang-ekonomyang usapin na nagkokompetensya sa isa't isa rito. *Hindi ka makakabuo ng kurso sa ekonomyang pampulitika sa isang oras. Ngunit gagawin natin ang lahat ng ating makakayanan.* ( K. Marx at F. Engels, *Correspondence* 1846 - 1895, mga pahina 202-203.)

Noong sesyon ng Mayo 20 ang mga pananaw ni Weston ay ipinailalim ni Marx sa

matinding pagpuna at gayundin, si Wheeler, isang kinatawan ng mga unyon sa Inglatera sa Pangkalahatang Konseho ay nagsalita laban kay Weston. Hindi nagkasya si Marx sa "improbisasyon" bagkus ay nagdeliber ito ng kontra-ulat. May mga panukala sa sesyon ng Konseho Sentral para ilathala ang mga ulat ni Marx at Weston. Kaugnay nito sinulatan ni Marx si Engels noong Hunyo 24:

> Nakabasa ako ng papeles ng Konseho Sentral ( mga tatlumpo't dalawang pahina siguro) hinggil sa usapin na binuksan ni Ginoong Weston tungkol sa epekto ng pangkalahatang pagtaas ng sahod, atbp. Ang unang bahagi nito ay kasagutan sa kabalbalan ni Weston; ang ikalawa ay isang teoretikal na pagpapaliwanag hinggil sa bagay na ito.
>
> Ngayon gusto ng mga tao na ilimbag ito. Sa isang banda maaring may gamit ito dahil konektado ito kila John Stuart Mill, Propesor Beasley, Harrison, at iba pa. Sa kabilang banda may ganito akong pagdududa: (1) Hindi nakatutuwang katunggali si Ginoong Weston; (2) ang ikalawang bahagi ay naglalaman sa pinakasiksik na paraan bagamat relatibong nasa popular na anyo, na karamihan sa mga bago ay minadaling kinuha sa aking libro samantalang kasabay nito'y maraming kinaligtaang bagay. Ang tanong ay, ang gayon bang pangunguna ay isang matalinong hakbang?

Ang akda ganunpaman ay hindi nailathala ni Marx o ni Engels. Natagpuan na lamang ito sa mga papeles ni Marx matapos mamatay si Engels at nailathala ng anak na babae ni Marx, si Eleanor Aveling. Sa lenggwaheng Ingles inilathala ito sa pamagat na *Halaga, Presyo at Tubo* samantalang ang salin nito sa salitang Aleman ay may pamagat na *Sahod, Presyo at Tubo*.

Ang akdang ito tulad ng tinukoy ni Marx ay may dalawang bahagi. Sa unang bahagi, habang pinupuna ni Marx si Weston ay sabayan din niyang inatake ang diumano'y "teorya ng pondo sa sahod" na inilatag pangunahin ni Weston sa kanyang ulat habang si John Stuart Mill naman ang kanyang masugid na tagasuporta.

Ang buod ng teorya ng pondo sa sahod ay ang asersyon na ang kapital na maaring ilagak sa isang takdang panahon para sa sahod ay isang di-nagbabago at depinidong kabuuan na hindi maaring madagdagan at kung gayon ang sahod na matatanggap ng bawat manggagawa ay makukuha sa pamamagitan ng paghahati-hati sa pondo para sa sahod na ibibigay sa lahat ng mga manggagawa sa buong bansa. Ang karugtong ng teoryang ito ay ang kaisipang hindi na kailangan umano ang pakikibaka ng uring manggagawa upang itaas ang kanilang sahod at masama pa nga ang idudulot nito. Ang teoryang ito kung ganon ay isang sandata ng mga kapitalista sa kanilang pakikibaka laban sa masang manggagawa. Mula sa pagtanggi sa pangangailangan ng pakikibakang pang-ekonomya direktang tumutungo ang teoryang ito sa pagtanggi sa pangangailangan sa pakikibakang pampulitika ng mga manggagawa, sa pakikibaka laban sa kapitalismo kasabay ng pagpapalaganap sa masang manggagawa na huwag nang makialam sa pulitika at sa maksimum ay ang pampulitikang pangangayupapa sa dikta at liderato ng burgesya. Sa Pangkalahatang Konseho ipinakita ni Weston ang kanyang sarili na sa esensya siya ay isang tagapagsalita ng mga pananaw ng burgesya. Ito ang dahilan kung bakit napagtanto ni Marx na kailangan niyang ipailalim ang mga pananaw ni Weston sa isang mariing pagpuna sa pamamagitan ng isang ispesyal na kontra-ulat. Ang paksa na tinalakay ni Marx ay nananatiling balido magpahanggang sa ngayon. Ang mga ideyang nakakabit sa teorya ng "pondo sa sahod" ay patuloy na itinutulak sa paraang humigit kumulang ay nakamaskarang anyo hindi lamang ng mga kapitalistang ekonomista kundi gayundin ng mga pamunuan ng mga repormistang unyon na ginagamit nila sa kanilang argumento pabor sa pagtanggap sa mga pagbabawas sahod.

Sa ikalawang bahagi ng kasalukuyang akda nagbigay si Marx ng popular na pagpapaliwanag ng mga pundamental na tesis ng mga teorya ng halaga at labis na halaga at ng mga kongklusyon na mahahango sa mga teoryang ito. Tulad ng nabanggit ni Marx sa kanyang liham kay Engels, ang bahaging ito ay naglalaman ng pagpapaliwanag ng marami-raming tesis sa kanyang librong *Capital* kung saan kasalukuyang ginagawa niya noon. Bagamat napakasiksik ang bahaging ito, ganunpama'y naglalaman ito ng isang modelo ng napakalinaw na pagpapaliwanag at isang napakahusay na popularisasyon ng teorya sa ekonomya ni Marx. Ang pag-aaral sa pamplet na ito ang siya pa ring pinakamahusay na introduksyon sa libro ni Marx na *Capital.*

Marx-Engels-Lenin Institute

## Paunang Salita

Mga kasama, [1]

Bago ang lahat, pahintulutan ninyo akong magbigay ng ilang komentaryo.

Isang epidemya ng mga welga at malawakang kahilingang itaas ang sahod ang masasabing yumayanig sa Kontinente. Lilitaw ang usaping ito sa ating Kongreso. Bilang mga lider ng Pandaigdigang Asosasyon, dapat ay may posisyon na kayo sa napakahalagang usaping ito. At tungkulin ko namang linawing mabuti ang usaping ito maubos man ang pasensya ninyo.

Isa pa sa gusto kong sabihin ay ang tungkol kay Ginoong Weston. Hindi niya lamang ipinanukala sa inyo kundi lantarang ipinagtanggol pa nga sa ngalan ng uring manggagawa ang sa tingin niya ay mga opinyong alam niyang hindi katanggap-tanggap sa uring manggagawa. Dapat nating hangaan ang pagpapakita ng gayong katapangan. Inaasahan kong sa kabila ng hindi makinis na estilo ng aking talumpati ay sasang-ayon siya sa nakikita kong kaisipang nasa ubod ng kanyang panukala bagamat sa kasalukuyang itsura ng mga ito ay masasabi kong isang kamaliang teoretikal at mapanganib ang ibubunga sa praktika.

Pupunta na ako ngayon sa ating paksa.

## I. PRODUKTO AT SAHOD

Sa katunayan nakasalalay sa dalawang punto ang argumento ni Ginoong Weston: una, *hindi nagbabago ang laki ng pambansang produksyon* na anang mga matematisyan ay isang *pirming* kantidad o laki; pangalawa, *hindi nagbabago ang laki ng tunay na sahod*, ibig sabihin, ang laki ng sahod batay sa dami ng mga kalakal na nabibili nito.

Napakalinaw na makikitang mali ang una niyang punto. Taun-taon ay namamasdan nating lumalaki ang halaga at dami ng produksyon, lumalaki ang produktibong kakayahan ng paggawa ng bansa, at patuloy na nagbabago ang dami ng salaping kailangan sa bentahan ng lumalaking produksyong ito. Ang totoo sa pagtatapos ng taon at sa iba't ibang taon kung pagkukumparahin ay totoo rin sa bawat karaniwang araw ng isang taon. Walang tigil na nagbabagu-bago ang halaga o kantidad ng pambansang produksyon. Hindi ito isang kantidad na *pirmi* kundi *nagbabago* dahil sa bukod sa nagbabago ang populasyon, walang tigil na nagbabago ang *akumulasyon ng kapital* at ang *produktibong kakayahan ng paggawa.* Talagang totoo na kapag naganap ngayon ang *pangkalahatang pagtaas sa tantos ng sahod* ang *gayong* pagtaas, anuman ang hindi nakikitang ibubunga ng pagtaas na ito, ay hindi *kaagad* babago sa dami ng produksyon. Sa umpisa magsisimula ito sa dating dami. Una sa lahat magaganap ito batay sa umiiral na kalagayan ng mga bagay. Pero kung *bago* tumaas ang sahod ay *pabagubago* na ang pambansang produksyon at hindi *pirmi* patuloy itong magbabagubago at hindi pipirmi *pagkatapos* ng pagtaas ng sahod.

Gayunman, ipagpalagay nang *pirmi* nga imbes na *nagbabago* ang dami ng pambansang produksyon. Maski magkagayon ang ipinagpapalagay ng ating kaibigang si Weston na lohikal na kongklusyon ay mananatili pa ring di-makatwiran. Ipagpalagay na mayroon akong numero, sabihin nating walo, walang kinalaman ang mga *absolutong* limitasyon ng bilang na ito sa mga *relatibo* nitong limitasyon. Halimbawang anim ang tubo at dalawa ang sahod, pwedeng umakyat sa anim ang sahod at bumaba sa dalawa ang tubo, at walo pa rin ang kabuuan. Kaya ang pirming laki ng produksyon ay hindi patunay ng pirming laki ng sahod. Kung ganon, paano pinatutunayan ng kaibigan nating si Weston na pirmi ito? Sa pamamagitan ng paggigiit nito.

Pero, payagan man natin siya sa kanyang iginigiit, dalawa pa rin ang pupuntahan nito, samantalang sa isang direksyon lamang niya ito pinagdidiinan. Kung ang laki ng sahod ay isang pirming dami, hindi ito pwedeng itaas o ibaba. Kaya, kung ang paghingi ng isang pansamantalang pagtaas ng sahod ay isang kahangalan na aksyon ng mga manggagawa hindi rin hangal ang kapitalista na magpatupad ng pansamantalang pagbaba ng sahod. Hindi itinatanggi ng kaibigan nating si Weston na sa ilalim ng ilang pangyayari, *maigigiit* ng mga manggagawa na itaas ang sahod ngunit dahil likas na pirmi ang laki ng sahod hindi maiaalis na bumuntot ang reaksyon. Sa kabilang banda, alam din niyang *maibababa* ng mga kapitalista ang sahod at sa katunaya'y pilit nila itong pinanatiling mababa. Batay sa prinsipyong ang sahod ay isang pirming kantidad may reaksyon ding bubuntot dito tulad sa una. Kaya, isang wastong reaksyon ang reaksyon ng mga manggagawa laban sa tangka o hakbang na pababain ang sahod. Kaya makatwiran ang kanilang hakbang na ipatupad ang *pagtaas ng sahod* dahil bawat *reaksyon* laban sa pagbaba ng sahod ay isang aksyon para sa pagtataas nito. Ayon mismo sa prinsipyo ni Ginoong Weston na *pirmihan ang sahod*, kailangan kung gayon na ang mga manggagawa, sa ilalim ng ilang pangyayari, ay magsama-sama at makibaka upang maitaas ang sahod.

Kapag tinanggihan niya ang kongklusyong ito kailangang bitiwan niya ang puntong pinanggagalingan nito. Hindi niya dapat sabihing isang *pirming kantidad* ang sahod, kundi, bagama't hindi pwede at hindi ito dapat *tumaas,* pwede at dapat itong *bumaba* kailanman gustuhin ng kapital na pababain ito. Kung gusto ng kapitalista na pakainin tayo ng patatas sa halip na karne, ng lugaw sa halip na trigo, dapat nating tanggapin ang kanyang kagustuhan at sundin ito bilang batas ng ekonomyang pampulitika. Kung mas mataas ang sahod sa isang bansa kaysa iba, halimbawa, sa Estados Unidos kaysa Inglatera, maipaliliwanag ang pagkakaibang ito ng laki ng sahod sa pagkakaiba ng kagustuhan ng kapitalistang Amerikano at kapitalistang Ingles, isang paraang talagang magpapasimple nang husto hindi lamang sa mga pangyayaring pang-ekonomya kundi pati sa iba pang pangyayari.

Pero, ipagpalagay mang ganito, maitatanong natin kung *bakit* iba ang gusto ng kapitalistang Amerikano sa gusto ng kapitalistang Ingles? At para masagot ito kailangan nating lampasan ang daigdig ng *kagustuhan*. Ang isang pastor ay maaring magsabi sa akin na iba ang gusto ng Diyos sa Pransya at iba rin sa Inglatera. Kapag hiningi ko sa kanyang ipaliwanag ang dalawang kagustuhang ito, pwede niya akong pabalagbag na saguting kalooban ng Diyos na iba ang gusto niya sa Pransya at iba sa Inglatera. Ngunit tiyak na ang ating kaibigang si Weston ang pinakahuling tao na gagawa ng ganoong argumento na taliwas sa lahat ng pangangatwiran.

Talagang *gusto* ng kapitalista na magkamal ng kakayaning makamal. Ang dapat nating gawin ay hindi ang pag-usapan ang kanyang *gusto* kundi suriin ang kanyang *kapangyarihan,* ang *mga limitasyon ng kapangyarihang iyon*, at ang *katangian ng naturang mga limitasyon.*

## II. PRODUKSYON, SAHOD AT TUBO

Pwedeng lagumin na lamang ang talumpating binigkas sa atin ni Ginoong Weston.

Ganito nauuwi ang lahat ng kanyang argumento: Kapag pinuwersa ng uring manggagawa ang uring kapitalista na magbayad ng limang *shilling* na sahod imbes na apat, ang halaga ng kalakal na ibibenta ng kapitalista ay apat ng *shilling* lang imbes na lima. Kaya, babayaran ng uring manggagawa ng limang *shilling* ang binibili nila dati ng apat noong hindi pa tumataas ang sahod. Pero bakit ganito ang kaso? Bakit apat na *shilling* lang ang halaga ng ibinebenta ng kapitalista nang lima? Kasi, nakapirmi ang laki ng sahod. Pero bakit sa apat na *shilling* ito nakapirmi? Bakit hindi sa tatlo, dalawa o iba pang kantidad? Kung ang limitasyon ng laki ng sahod ay itinatakda ng isang batas pang-ekonomya na walang kinalaman sa kagustuhan ng kapitalista, o kagustuhan ng manggagawa ang unang dapat gawin ni Ginoong Weston ay sabihin at patunayan kung ano ang batas na iyon. Higit pa rito, dapat din niyang patunayan na sa tuwina ang laki ng aktwal na binabayarang sahod ay katumbas na katumbas ng kailangang laki ng sahod at hindi kailanman nagkakaiba. Sa kabilang banda, kung ang isang laki ng limitasyon ng laki ng sahod ay *batay lamang sa gusto* ng kapitalista, o sa mga limitasyon ng kanyang kasibaan, ito ay isang limitasyong arbitraryo o batay lamang sa pansariling kagustuhan. Tapos ang usapan. Pwede itong baguhin *batay* sa gusto ng kapitalista, at dahil dito,

pwedeng baguhin nang *salungat* sa kanyang kagustuhan.

Inilarawan ni Ginoong Weston ang kanyang teorya sa pamamagitan ng pagsasabi sa inyo na hindi dadami ang sopas na laman ng isang mangkok na pagkain ng ilang tao, lakihan man ang kutsarang gamit na panandok. Matatameme siya pag sinabi kong palpak ang paglalarawang ito. Naalala ko tuloy ang isang hawig na sinabi ni Menenius Agrippa. Noong mag-alsa ang mga Romanong plebeian laban sa mga patrician, sinabi ng patrician na si Agrippa sa kanila na sa patrician galing ang kinakain ng mga miyembrong plebeian. Nakalimutan ni Agrippa na hindi pwedeng ipakain ng isang tao sa mga miyembro nito ang ipinakain na niya sa iba. Sa bahagi naman ni Ginoong Weston, nakalimutan niya na nasa mangkok na kinakainan ng mga manggagawa ang lahat ng produkto ng pambansang paggawa at nahihirapan silang sumandok dito hindi dahil maliit ang bunganga ng mangkok o kulang ang laman nito kundi dahil maliit ang kanilang kutsara.

Sa anong salamangka naman nagagawa ng kapitalista na maipalit ang halagang apat na shilling ng limang shilling? Sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo ng mga kalakal na kanyang ibinebenta. Ngayon, ang pagtaas ba, na karaniwan ay pagbabago, ng presyo ng mga kalakal, ang mismong presyo ng mga kalakal, ay batay lamang sa kagustuhan ng kapitalista? O, kabaligtaran nito, kailangan ang ilang kondisyon para magawa ang gayong kagustuhan? Kung hindi, magiging isang palaisipang walang solusyon ang pagtaas-pagbaba at walang tigil na pagbabagu-bago ng presyong palengke.

Yayamang ipinapalagay nating walang anumang pagbabagong nangyari sa produktibong kakayahan ng paggawa, o sa dami ng ginamit na kapital at paggawa, o sa halaga ng salapi na pinagkukwentahan ng halaga ng mga produkto, kundi *pagbabago lamang sa tantos ng sahod*, paano naaapektuhan ng gayong pagtaas ng sahod ang *presyo ng mga kalakal?* Sa pamamagitan lamang ng epekto nito sa proporsyon ng pangangailangan at suplay (*demand and supply*) ng mga kalakal na ito.

Talaga namang sa kalakhan ay ginagasta, at kailangang gastahin, ng uring manggagawa ang kanilang kinikita sa kanilang mga *pangangailangan.* Kaya, ang isang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod ay magbubunga ng paglaki ng pangangailangan para sa mga produktong kailangan sa araw-araw, kaya naman *tataas ang presyong palengke ng mga ito.* Mababawi ng mga kapitalistang lumilikha ng mga pangangailangang ito ang tumaas na sahod sa pamamagitan ng pagtaas ng presyo ng kanilang mga kalakal. Pero, paano naman ang ibang kapitalistang hindi gumagawa ng mga produktong kailangan sa araw-araw? At hindi ninyo dapat ipagpalagay na kakaunti lang ang mga ito. Kapag isinaalang-alang ninyo na 20 porsyento lamang ng populasyon ang kumukunsumo ng dalawang katlo ng pambansang produksyon - isang

miyembro pa nga ng House of Commons ang nagsabi kamakailan na ikapito o mahigit lang ng bahagya sa 14 na porsyento ng populasyon - mauunawaan ninyo kung gaano kalaking bahagi ng pambansang produksyon ang napupunta sa mga luho, o *ipinapalit* para sa luho, at kung gaano karaming mga pangangailangan mismo ang kailangang waldasin para sa mga mutsatso, kabayo, pusa, at iba pa, isang pagwawaldas na batay sa karanasan ay palaging lumiliit kapag tumataas ang presyo ng mga pangangailangan.

Ngayon, ano naman ang magiging katayuan ng mga kapitalistang *hindi gumagawa*

*ng mga produktong kailangan sa araw-araw? Hindi nila pwedeng bawiin ang* bumabang tantos ng tubong ibinunga ng pangkalahatang pagtaas ng sahod sa pamamagitan ng *pagtaas sa presyo ng kanilang mga kalakal* dahil hindi naman lumaki ang pangangailangan para sa gayong mga kalakal. Lumiit ang kanilang kita, at mula sa lumiit na kitang ito ay kailangan nilang magbayad nang mas malaki para sa parehong dami ng mga pangangailangan na tumaas ang presyo. Pero, hindi pa ito ang lahat. Dahil lumiit ang kanilang kita, maliit na ang pwede nilang gastusin para sa mga luho, at dahil dito, liliit ang pangangailangan nila sa kalakal ng bawat isa. Bunga ng lumiit na pangangailangan bababa ang presyo ng kanilang mga kalakal. Kaya, sa ganitong mga sangay ng industriya, *bababa ang tantos ng tubo*, hindi lamang ayon sa kung gaano ang pangkalahatang itinaas ng tantos ng sahod, kundi ayon sa magkakasanib na epekto ng pangkalahatang pagtaas ng sahod, pagtaas ng presyo ng mga produktong kailangan sa araw-araw, at pagbagsak ng presyo ng mga produktong para sa luho.

Ano ang ibubunga ng *pagiiba-iba ng mga tantos ng tubo* sa mga kapital na nakalagak sa iba't ibang sangay ng industriya? Ano ba ang karaniwang nangyayari kapag nagkakaiba-iba ang *karaniwang tantos ng tubo* sa iba't ibang larangan ng produksyon sa anumang kadahilanan? Inaalis ang kapital at paggawa sa industriyang hindi gaanong pinagkakakitaan at inililipat sa mas pinagkikitaan, at magpapatuloy ang ganitong paglilipat hanggang pumantay ang suplay sa lumaking pangangailangan sa isang departamento ng industriya, at bumaba naman ang isa pang departamento nang pantay sa iniliit ng pangangailangan. Matapos ang ganitong pagbabago, *magpaparehong* muli ang *pangkalahatang tantos ng tubo* sa iba't ibang sangay ng industriya. Yayamang ang buong kaguluhan ay nag-umpisa lang naman sa pagbabago ng proporsyon ng pangangailangan at suplay ng iba't ibang kalakal, sa pagkawala ng sanhi ay mawawala na rin ang epekto, at muling babalik ang mga *presyo* sa dating antas at pagkakapatas *(equilibrium).* Sa halip na limitado lamang sa ilang sangay ng industriya, magiging *pangkalahatan ang pagbagsak ng tantos ng tubo* bunga ng tumaas na sahod. Ayon sa ating palagay, walang nangyaring pagbabago sa produktibong kakayahan ng paggawa, o sa kabuuang dami ng produksyon, kundi *pwedeng nagbago lang ang anyo ng isang dami ng produksyon*. Mas malaking bahagi ng produksyon ang maaaring naging pangangailangan at mas maliit na bahagi ang para sa luho, o kaya naman maaaring ipinalit ang isang maliit na bahagi ng mga angkat na produktong kailangan sa araw-araw, sa halip ng mga produktong para sa luho ang mas malaking bahagi ng produksyon ng bansa. Kaya, pagkatapos na pansamantalang mabulabog ang mga presyong palengke, ang isang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod ay magbubunga lamang ng isang pangkalahatang pagbaba ng tantos ng tubo nang walang anumang permanenteng pagbabago sa presyo ng mga kalakal.

Kapag sinabi sa akin na sa nauna kong argumento ay ipinalagay kong ginastos sa mga pangangailangan ang buong dagdag na sahod, isasagot ko na ginawa ko ang palagay na pinakabentahe sa opinyon ni Ginoong Weston. Kung ang dagdag na sahod ay ginastos sa mga produktong dati-rati ay hindi bahagi ng konsumo ng uring manggagawa, hindi na mangangailangan ng pruweba ang tunay na inilaki ng kanilang kakayahang bumili. Pero, dahil galing lang naman ang kakayahan nilang bumili sa sahod na ipinauna sa kanila, dapat umayon ang inilaking iyon sa ibinaba ng kakayahang bumili ng kapitalista. Kaya, hindi *lalaki* ang *kabuuang pangangailangan para sa mga kalakal, kundi* magbabago lang ang komposisyon. Ang paglaki ng pangangailangan sa isang panig ay pagliit sa kabilang panig. Kaya, dahil dati pa rin ang kabuuang

pangangailangan, walang anumang mangyayaring pagbabago sa presyong palengke ng mga kalakal.

Kaya, dalawa ang pwede niyong ipalagay ngayon: Alinman sa ang mga dagdag na sahod ay pareparehong ginastos sa mga produktong pangkonsumo -- kaya ang paglaki ng pangangailangan sa bahagi ng uring manggagawa ay mangangahulugan ng pagliit ng pangangailangan sa bahagi ng uring kapitalista -- o ginastos lamang sa ilang produkto na pansamantalang magpapataas sa mga presyong palengke. Kapag ganito, ang ibinungang pagtaas ng tantos ng tubo sa ilang sangay ng industriya, at pagbaba naman sa iba, ay magbubunga ng pagbabago sa distribusyon ng kapital at paggawa, na magpapatuloy hanggang mapalaki ang suplay kapantay ng lumaking pangangailangan sa isang departamento ng industriya, at mapaliit kapantay ng lumiit na pangangailangan sa ibang departamento. Sa unang palagay walang mangyayaring pagbabago sa presyo ng mga kalakal. Sa pangalawa, pagkatapos ng ilang pagtaas-pagbaba ng mga presyong palengke, babalik sa dating antas ang halaga sa palitan ng mga kalakal. Sa parehong palagay ang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod ay walang ibang kauuwian sa bandang huli kundi isang pangkalahatang pagbaba ng tantos ng tubo.

Para masubukan kung gaano kalawak ang inyong imahinasyon, hiniling sa inyo ni Ginoong Weston na isipin ang mga problemang ibubunga ng isang pangkalahatang pagtaas ng sahod ng mga manggagawang Ingles sa agrikultura nang mula siyam na *shilling* hanggang labingwalong *shilling*. Sinabi niyang isipin ninyo ang napakalaking itataas ng pangangailangan para sa mga produktong pangkonsumo at ang ibubunga nitong nakapanghihilakbot na pagtaas ng presyo ng mga iyon! Ngayon, alam ninyong lahat na ang karaniwang sahod ng manggagawang Amerikano sa agrikultura ay higit doble sa sahod ng manggagawang Ingles, samantalang mas mababa ang presyo ng produktong agrikultural sa Estados Unidos kaysa sa Inglatera, samantalang ang pangkalahatang relasyon ng kapital at paggawa sa Estados Unidos ay pareho nang sa Inglatera, at samantalang mas maliit ang taunang dami ng produksyon ng Estados Unidos kaysa ng Inglatera. Sabihin pa, bakit nang-aalarma ang ating kaibigan? Para mailayo tayo sa tunay na paksa. Ang biglaang pagtaas ng sahod mula siyam hanggang labingwalong *shilling* ay nangangahulugan ng 100 porsyentong pagtaas. Ngayon, hindi natin pinag-uusapan kung kakayanin nga ba o hindi na maitaas ng 100 porsyento ang pangkalahatang tantos ng sahod sa Inglatera. Labas na tayo sa *laki* ng itataas, na kahit kailan ay nakabatay, at dapat iangkop, sa mga kongkretong kalagayan. Ang kailangan lang natin ay alamin kung ano ang ibubunga ng isang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod, maski pa isang porsyento lang ito.

Hayaan na natin ang panaginip ni kaibigang Weston na 100 porsyentong pagtaas, at ituon ang ating pansin sa tunay na mga pagtaas ng sahod na nangyari sa Britanya mula 1849 hanggang 1859.

Alam ninyong lahat ang Batas na Sampung Oras Paggawa, hindi pa nga kundi Sampu at Kalahating Oras Paggawa, na ipinatupad umpisa noong 1848. Ito ay isa sa pinakamalaking pagbabagong pang-ekonomya na ating nasaksihan. Iyon ay isang bigla at sapilitang pagtaas ng sahod, hindi sa mga lokal na kalakalan, kundi sa mga pambatong sangay ng industriya na sandata ng Inglatera sa pagkontrol sa mga pandaigdigang pamilihan. Iyon ay di-inaasahang pagtaas ng sahod. *Pinatunayan* ni Dr. Ure, Propesor Senior at ng lahat ng tagapagsalita ng panggitnang uri sa ekonomya, at masasabi kong may mas matibay na pinagbabatayan kaysa kaibigan nating si Weston,

na magbabagting ito ng kamatayan sa industriyang Ingles. Pinatunayan nilang hindi lamang simpleng pagtaas ng sahod ang kahulugan nito, kundi pagtaas ng sahod bunga ng, at batay sa, pag-igsi ng panahon ng paggamit sa paggawa. Iginiit nila na ang ikalabindalawang oras na gustong alisin sa kapitalista ay eksaktong iyon namang oras na pinagkukunan nito ng tubo. Nagbanta sila ng pagliit ng akumulasyon ng kapital, pagtaas ng mga presyo, paglalaho ng mga pamilihan, pagliit ng produksyon, masamang ibubunga ng mga ito sa sahod, na ang katapusan ay ang pagkawasak ng bansa. Sa katunayan, sinabi nilang di-hamak na mas masahol ito kaysa sa *Maximum Laws* ni Maximillian Robespierre [2]; at tama sila sa isang banda. Buweno, ano ang naging resulta? Tumaas ang salaping sahod ng mga manggagawa sa pabrika sa kabila ng pag-igsi ng araw-paggawa, di-hamak na dumami ang mga manggagawang namamasukan sa pabrika, tuluy-tuloy na bumaba ang presyo ng kanilang mga produkto, kamangha-mangha ang iniunlad ng produktibong kakayahan ng mga manggagawa, napakalaki ng inilawak ng mga pamilihan para sa kanilang mga produkto na hindi pa nangyari kailanman. Sa isang pulong noong 1860 ng Society for the Advancement of Science sa Manchester, narinig ko mismo ang sinabi ni Ginoong Newman na nagkamali siya, si Dr. Ure, Propesor Senior, at iba pang kinikilalang lider ng siyensyang pang-ekonomya, samantalang tama ang hinuha ng mga mamamayan. Nabanggit ko si Ginoong W. Newman [3], hindi si Propesor Francis Newman, dahil kilala siya sa siyensyang pang-ekonomya bilang kasama sa nagsulat at patnugot ng akdang *History of Prices* [4] ni Ginoong Thomas Tooke, isang napakagandang aklat na bumabaybay sa kasaysayan ng mga presyo mula 1793 hanggang 1856. Kung tama ang hindi nagbabagong kaisipan ng kaibigan nating si Weston tungkol sa hindi nagbabagong laki ng sahod, hindi nagbabagong antas ng 12 produktibong kakayahan ng paggawa, hindi nagbabago at permanenteng kagustuhan ng mga kapitalista, at sa lahat ng mga hindi nagbago at pirmi na, di sana'y tama ang lahat ng kahapis-hapis na agam-agam ni Propesor Senior, at mali si Robert Owen [5] na noong 1816 pa ay nagproklama na ng pangkalahatang limitasyon sa araw paggawa bilang unang hakbang para sa paglaya ng uring manggagawa at sa gitna ng mahigpit na pagtutol ng marami ay pinasimulan ito sa kanyang pabrika ng bulak sa New Lanark.

Noong matadhana ang Batas ng Sampung Oras Paggawa, at tumaas ang sahod bunga nito, nagkaroon din sa Britanya ng *pangkalahatang pagtaas ng sahod sa agrikultura* bunga ng mga kadahilanang hindi na kailangang isa-isahin pa rito.

Bagaman labas na sa paksa, magbibigay ako ng paglalarawan para hindi kayo malito.

Kung ang dalawang *shilling* na lingguhang sahod ng isang manggagawa ay tumaas sa apat, tumaas ng 100 porsyento ang tantos ng sahod. Lalabas itong isang kagilagilalas na pangyayari kapag ipinahayag bilang pagtaas ng tantos ng sahod, kahit na ang *tunay na laki ng sahod*, na apat na *shilling* isang linggo, ay napakaliit pa rin at kulang pang pantawid-gutom. Kaya, hindi kayo dapat magpatangay sa mga kagilagilalas na porsyento ng *tantos* ng sahod. Dapat niyong laging itanong: Ano ba ang dating laki?

Halimbawa, ipagpalagay nating may 10 manggagawang sumasahod ng tigdadalawang *shilling* isang linggo, limang sumasahod ng tiglilimang *shilling*, at isa pang

lima na sumasahod naman ng tiglalabing-isang *shilling*, na 100 *shilling o 5 pounds-sterling na kabuuang lingguhang sahod ng 20 katao. Kaya, kung ipapalagay nating tumaas ng 20 porsyento ang kanilang* kabuuang lingguhang sahod, tataas ito sa 6 pounds-sterling mula sa 5 pounds-sterling. Kung kukunin natin sa karaniwan o *average*, masasabi natin na tumaas ng 20 porsyento ang pangkalahatang tantos ng sahod, kahit na sa katunayan ay halos hindi nagbago ang sahod ng sampung tao; ang sahod ng isang grupo ng limang tao ay umakyat lang sa anim na *shilling* mula lima, at ang sa pangalawang grupo ng limang tao ay tumaas sa 70 *shilling* mula 55 *shilling.* Kalahati ng mga manggagawa ang hindi halos nagbago ang katayuan, iyong sangkapat ay kakatiting ang inasenso, at sangkapat lamang ang talagang umangat. Sa kuwentada batay sa *karaniwang* inilaki, ang kabuuang sahod ng dalawampung manggagawa ay tumaas ng 20 porsyento, at para sa kabuuang kapital na nag-eempleyo sa kanila, at sa presyo ng mga kalakal na kanilang nalilikha, ganito ang trato na para bang pantay-pantay ang naging parte nila sa karaniwang itinaas ng sahod. Sa kaso ng mga manggagawa sa agrikultura, dahil iba-iba ang pamantayan ng sahod sa iba't ibang lalawigan ng Inglatera at Scotland, mas lalong hindi parepareho ang epekto sa kanila ng pagtaas ng sahod.

Panghuli, noong mangyari ang pagtaas ng sahod, sabay na nagkaroon ng mga impluwensyang kontra rito, gaya ng mga bagong pagbubuwis resulta ng pakikidigma laban sa Rusya, malawakang demolisyon ng mga bahay ng mga manggagawa sa agrikultura [6] at iba pa.

Sapat na ang mga halimbawa, kaya dadako na tayo sa tunay na nangyari mula 1849 hanggang 1859 noong nagkaroon ng *umaabot sa 40 porsyentong pagtaas ng karaniwang tantos ng sahod* ang mga manggagawang agrikultural ng Britanya. Marami akong datos na maibibigay para patunayan sa inyo ang aking sinasabi, pero sapat na sa ngayon na basahin ninyo ang matapat at mapanuring sanaysay na *The Forces Used in Agriculture* [7] ng yumaong si Ginoong John C. Morton na binasa niya sa London Society of Arts. Mula sa mga batas at iba pang dokumento, ipinakita ni Ginoong Morton ang mga ulat na nakalap niya sa kulang-kulang 100 magsasakang naninirahan sa labindalawang lalawigang Scot at tatlumpu't limang lalawigang Ingles.

Batay sa opinyon ng kaibigan nating si Weston, at sa sabay na pagtaas ng sahod ng mga manggagawa, nagkaroon dapat ng isang malaking pagtaas ng mga presyo ang produktong agrikultural noong mga taong 1849-1859. Pero, anong nangyari? Sa kabila ng giyera laban sa Rusya at sunud-sunod na masamang ani noong mga taong 1854-56, ang karaniwang presyo ng trigo, na pangunahing produktong agrikultural ng Inglatera, ay bumaba nang mula kulang-kulang 3 pounds-sterling bawat kuwarto noong mga taong 1838-48 sa 2 pounds-sterling 10s. bawat kuwarto noong 1849 hanggang 1859. Nangangahulugan ito ng 16 na porsyentong pagbagsak ng presyo ng trigo sabay ng 40 porsyentong pagtaas ng karaniwang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura. Noon ding panahong iyon, kung pagkukumparahin natin ang simula nito noong 1849 at pagtatapos noong 1859, bumaba ang bilang ng mga pulubing nasa listahan ng estado mula 934,419 sa 860,470, o nabawasan ng 73,949; totoong isang napakaliit na kabawasan, na nabura nga uli noong sumunod na mga taon, pero kabawasan pa rin.

Pwedeng masabi na bunga ng pagpapawalang-bisa sa Corn Laws [8], mahigit doble ang inilaki ng angkat na mais mula 1849 hanggang 1859, kumpara noong 1838-1848. At ano ang gayon? Batay sa argumento ni Ginoong Weston aasahan ng kahit sino na ang kagyat, malawakan at tuluy-tuloy na tumataas na pangangailangang ito sa mga pamilihan sa ibayong-dagat ay magbubunga sa mga lugar na iyon ng pagtaas ng presyo ng mga produktong agrikultural sa kahindik-hindik na antas, dahil pareho ang ibubunga ng lumaking pangangailangan galing man ito sa labas o loob ng bansa. Ano ang talagang nangyari? Bukod sa ilang taong masamang ani, ang buong panahong iyon ng malaking pagbagsak ng presyo ng mais ang naging laman ng talumpatian sa Pransya; paulit-ulit na naobliga ang mga Amerikano na sunugin ang sobra nilang produkto; at kung paniniwalaan natin si Ginoong Urquhart, sinulsulan ng Rusya ang Digmang Sibil sa Estados Unidos dahil nilulumpo ng mga Kano ang pagluluwas nito ng mga produktong agrikultural sa mga pamilihan ng Europa.

*Mabubuod* sa ganito ang argumento ni Ginoong Weston: Bawat paglaki ng pangangailangan ay palaging nangyayari nang batay sa isang takdang dami ng produksyon. Kaya, *hindi nito kailanman mapapalaki ang suplay ng mga kailangang produkto, kundi lalaki lamang ang salaping presyo ng mga iyon.* Samantalang makikita sa pinakakaraniwang pagmamasid na, sa ilang kaso, hindi nagbubunga ng pagbabago ng presyo ng mga kalakal ang lumalaking pangangailangan, at sa ilan naman, nagbubunga ito ng pansamantalang pagtaas ng presyong palengke na sinusundan ng paglaki ng suplay, tapos ng pagbaba ng presyo sa dating antas, na sa maraming kaso ay *mas mababa* pa nga sa dati. Galing man ang paglaki ng pangangailangan sa paglaki ng sahod o sa iba pang dahilan ay walang kinalaman sa usapin. Batay sa argumento ni Ginoong Weston ang pangkalahatang pangyayari ay kasinghirap ipaliwanag ng nangyayari sa ilalim ng mga naiibang kalagayang tumataas ang sahod. Sabihin pa, walang ispesyal na kahalagahan ang kanyang argumento sa pinag-uusapan nating paksa. Nagpapakita lang ito ng hindi niya pagkasapol sa batas na ang paglaki ng pangangailangan ay nagbubunga ng paglaki ng suplay sa bandang huli, sa halip na pagtaas ng mga presyong palengke.

## III. SAHOD AT PANANALAPI

Sa ikalawang araw ng debate dinamitan ng bago ng kaibigan nating si Weston ang kanyang lumang argumento. Aniya: "Bunga ng pangkalahatang pagtaas ng salaping sahod, mas maraming pera ang kailangan para mabayaran ang gayong sahod." At dahil pirmi ang dami ng salapi, paano mababayaran ng hindi nagbabagong dami ng salapi ang lumaking salaping sahod? Dati'y galing ang problema sa pagiging pirming dami ng mga kalakal samantalang tumaas ang salaping sahod; ngayon, galing ito sa lumaking salaping sahod samantalang pirmi ang dami ng mga kalakal. Syempre, kapag tinanggihan niyo ang una niyang dogma, lutas na ang pangalawa niyang pinuproblema.

Gayunman ipapakita ko sa inyo na walang anumang kinalaman ang usapin ng pananalapi sa pinag-uusapan nating paksa.

Sa inyong bansa, di hamak na mas pulido ang mga mekanismo ng mga pagbabayaran kaysa sa alinmang bansa sa Europa. Salamat sa lawak at konsentrasyon ng sistema ng pagbabangko, hindi na kailangan ang masyadong maraming pera para mabayaran ang parehong dami ng halaga, at maitransaksyon ang pareho o mas malaking kantidad ng negosyo. Sa pasahod, halimbawa, lingguhang ibinabayad ng manggagawang Ingles ang kanyang sahod sa may-ari ng tindahan, na lingguhang idenedeposito ng may-ari ng tindahan sa bangko, na lingguhang ibinabalik ng bangko sa may-ari ng manupaktura, na muli nitong ibinabayad sa kanyang mga manggagawa at paulit-ulit ang ganitong siklo. Sa ganitong paraan, pwedeng isang *sovereign* lang ang gamiting pambayad sa taunang sahod ng isang manggagawa, ipagpalagay nating 52 pounds-sterling, na pabalik-balik ang gayong siklo. Sa kabila nito, hindi pa rin nakauungos sa mekanismo ng Scotland ang Inglatera at hindi iyon parepareho sa lahat ng lugar; halimbawa, sa ilang distritong agrikultural, makikita natin na mas maraming salapi ang kailangan para bayaran ang mas maliit na mga halaga kumpara sa mga distritong industriyal.

Kapag tumawid kayo sa English Channel, makikita ninyo na mas mababa ang *salaping sahod* sa Alemanya, Italya, Switzerland at Pransya kaysa sa Inglatera, pero mas marami ang pinaiikot na salapi. Hindi kaagad sumasakamay sa bangko o nababalik sa kapitalista ang salaping ipinapasahod; kaya imbes na isang *sovereign* lang ang pinaiikot sa 52 pounds-sterling na sahod isang taon, pwedeng tatlo ang ginagamit para sa taunang sahod na 25 pounds-sterling. Kaya, sa pamamagitan ng paghahambing ng Inglatera sa mga bansa sa Kontinente, agad makikita na ang mababang salaping sahod ay maaaring mangailangan ng mas maraming salapi para mabayaran, kaysa mataas na salaping sahod, at sa katunayan isa lamang itong teknikal na usaping talagang walang kinalaman sa ating paksa.

Ayon sa pinakamahusay na kalkulasyong nalalaman ko, ang taunang sahod ng uring manggagawa sa bansang ito ay umaabot ng 250,000,000 pounds-sterling. Ang malaking halagang ito ay pinaiikot ng 3,000,000 pounds-sterling. Ipagpalagay nating tumaas ng 50 porsyento ang sahod. Dahil dito, imbes na 3,000,000 pounds-sterling ay 4,500,000 ang kakailanganin. Dahil ang napakalaking parte ng panggastos ng manggagawa sa araw-araw ay salaping pilak o tanso, ibig sabihin, mga salaping panagisag lamang ng halaga *(tokens)* na ang katumbas na halaga sa ginto ay ayon lamang sa itinatakda ng batas, tulad sa salaping papel na walang katumbas na halaga sa ginto *(inconvertible)*, pinakamarami na ang mangailangan ng 50 porsyentong pagtaas ng salaping sahod ng isang milyong dagdag na *sovereign*. Isang milyong baryang ginto na nakaimbak sa kasalukuyan sa bodega ng Bank of England o ng mga pribadong bangko bilang bara ng ginto o kaya'y barya ang madadagdag na iikot. Pero pwedeng maiwasan, at sa katunayan ay naiiwasan, kahit ang maliit na gastos sa pagtutunaw at pagkasira ng isang milyong baryang ginto sakaling magkaproblema sa karagdagang salaping kakailanganin. Alam ninyong lahat na dalawang klase ang pananalapi sa bansang ito. Iyong isang klase ay mga papel de bangko na may iba't ibang tawag na gamit ng mga komersyante sa kanilang mga transaksyon, at ng mga mamimili sa pagbabayad ng malaking halaga sa mga komersyante; iyon namang isang klase, iyong mga barya, ay gamit sa pagbili ng tingi. Bagaman magkaiba, sabay na ginagamit ang dalawang klaseng ito ng salapi. Kaya, maski sa malalaking pagbabayaran ay ginagamit ang baryang ginto na wala pang 5 pounds-sterling ang halaga. Kung bukas ay magpapalabas ng 4, o 3 o 2 pounds-sterling na salapi, papalitan ng mga ito ang mga dating ginagamit na ginto sa mga transaksyon at ililipat sa mga

transaksyong kakailanganin bunga ng tumaas na salaping sahod. Kaya ang dagdag na isang milyong kailangan sa pagtaas ng sahod nang 50 porsyento ay makukuha nang hindi mangangailangan ng isa mang dagdag na *sovereign.* Magagawa rin ang ganito nang walang isa mang dagdag na papel de bangko sa pamamagitan ng pagdadagdag ng pinalalabas na salaping papel tulad ng kalakaran sa Lancashire sa loob ng matagal na panahon.

Kung ang 100 porsyentong pagtaas ng sahod, halimbawa, gaya ng ipinapalagay ni Ginoong Weston na mangyayari sa mga manggagawa sa agrikultura ay magbubunga ng malaking pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin, at, ayon sa kanyang palagay, mangangailangan ng dagdag na dami ng salapi na walang mapagkukunan, ganito rin dapat ang ibunga sa parehong tindi, at sa baligtad na direksyon, ng *isang pangkalahatang pagbaba ng sahod.* Buweno! Alam ninyong lahat na ang mga taong 1858-1860 ang pinakamasaganang taon para sa industriya ng bulak, at ang 1860 ay isang ginintuang taong walang kapantay sa kasaysayan ng komersyo, noong pareparehong nananagana ang lahat ng sangay ng industriya. Noong 1860, tumaas sa antas na hindi pa kailanman nangyari ang sahod ng mga manggagawa sa bulak at ng lahat ng manggagawang konektado sa industriyang ito. Pagkatapos nito, nangyari ang krisis sa Amerika at bumagsak ang kabuuang sahod na doon sa sangkapat ng dating halaga. Sa baligtad na direksyon, nangangahulugan ito ng 400 porsyentong pagtaas. Kapag tumaas ang sahod nang mula lima hanggang dalawampu sinasabi nating ito ay 300 porsyentong pagtaas; kapag bumaba ito ng mula dalawampu sa lima sinasabi nating bumagsak ito ng 75 porsyento pero parehong 15 *shilling* ang suma ng pagtaas at pagbaba. Kaya ito'y isang biglaang pagbabago sa tantos ng sahod na hindi pa kailanman nangyari at kasabay nito ay sumasaklaw sa maraming manggagawa na kapag isinama natin hindi lamang ang lahat ng manggagawang tuwirang nasa industriya ng bulak kundi pati ang mga hindi tuwirang konektado rito, sosobra sa kalahati ang dami nila kaysa mga manggagawa sa agrikultura. 17 Bumaba ba ang presyo ng trigo? *Umakyat* ito nang mula taunang karaniwang pagtaas na 47*s.* 8*d.* bawat kuwarto noong 1858-1860 sa taunang karaniwang taas na 55*s.*10*d.* bawat kuwarto noong 1861-1863. Tungkol naman sa pananalapi, gumawa ng baryang

nagkakahalaga ng 8,673,232 pounds-sterling noong 1861 kumpara sa 3,378,102 pounds-sterling noong 1860. Ibig sabihin, mas marami ng 5,295,130 ang salaping ginawa noong 1861 kaysa noong 1860. Totoo na mas maliit ng 1,319,000 ang pinalabas na papel de bangko noong 1861 kaysa noong 1860. Awasin niyo ito. May diperensya pa ring 3,976,130 o halos 4,000,000 pounds-sterling ang ginawang salapi noong 1861 kumpara sa tagsaganang taong 1860 o kulang-kulang 600,000 pounds-sterling, pero lumiit nang halos kasabay nito, bagaman hindi sa parehong halaga ang reserbang bara ng ginto ng Bank of England.

Ikumpara ang taong 1862 sa taong 1842. Bukod sa malaking pagtaas ng halaga at dami ng mga kalakal, noong 1862, sa Inglatera at Wales pa lamang , nagkakahalaga ng 320,000,000 pounds-sterling ang kapital na ibinayad sa mga regular na transaksyon para sa mga sosyo o saping-puhunan, pautang at iba pa sa industriya ng perokaril na isang napakalaking halaga noong 1842. Pero halos nagkakapantay ang dami ng salapi noong 1862 at 1842, at makikita ninyo sa pangkalahatan ang tunguhin ng halaga ng pananalapi na tuluy-tuloy na bumaba sa harap ng matinding pagtaas ng halaga hindi lamang ng mga kalakal kundi pati ng mga transaksyong pampananalapi. Ayon sa palagay ng kaibigan nating si Weston ito ay isang problemang walang solusyon.

Kung mas malalim na tiningnan ang usaping ito nakita niya sana na talagang bukod sa sahod, at kahit sabihin pang palagian ito, araw-araw na nagbabago ang halaga at dami ng mga kalakal na ibenebenta pati ang dami ng mga binabayarang transaksyong pampananalapi sa pangkalahatan; araw-araw na nagbabago ang halaga ng mga pinalalabas na papel de bangko; araw-araw na nagbabago ang halaga ng mga pagbabayarang isinasagawa nang hindi gumagamit ng salapi sa pamamagitan ng resibo, tseke, kredito, clearing-houses; araw-araw na nagbabago ang proporsyon ng gintong gamit na pananalapi at gintong nakareserba o inaalikabukan sa mga bodega ng bangko; araw-araw na nagbabago ang dami ng bara ng ginto na napapasama sa pambansang pananalapi at iniluluwas ng bansa para gawing pandaigdigang pananalapi. Nakita niya sana na ang kanyang dogmang pirmi ang pananalapi ay isang napakalaking pagkakamali at kabaligtaran ng araw-araw na takbo ng mga bagay. Inurirat niya sana ang mga dahilan kung bakit nagagawa ng isang pananalapi na makaangkop sa mga pangyayaring walang humpay na nagbabago sa halip na gawing argumento ang mali niyang pananaw sa mga batas ng pananalapi laban sa pagtaas ng sahod.

## IV. SUPLAY AT PANGANGAILANGAN

Naniniwala ang kaibigan nating si Weston sa kasabihang Latin na *repetitio est mater studiorum,* ang pag-ulit-ulit ay ina ng pag-aaral. Kaya naman muli niyang inulit sa bagong anyo ang dati niyang dogma na ang pagliit ng pananalapi, bunga ng paglaki ng sahod ay magbubunga ng pagliit ng kapital at iba pa. Matapos kong linawin ang kanyang nilubid-lubid na kuwento sa pananalapi hindi na kailangan sa tingin ko na pag-usapan pa ang nasa kukote niyang problemang ibubunga ng kanyang guniguning pananalapi. Diretso ko nang ipapakita sa *pinakasimpleng paglalahad* ang kanyang lumang dogma na inuulit-ulit lamang sa iba't ibang anyo.

Maipapakita sa isang pangungusap lamang ang mababaw na paraan ng pagtrato niya sa kanyang paksa. Kontra siya sa pagtaas ng sahod o sa mataas na sahod bunga ng gayong pagtaas. Ngayon, tatanungin ko siya. Ano ang mataas na sahod at ano ang mababa?

Bakit sasabihing ang limang *shilling* bawat linggo ay mababa at ang dalawampung *shilling* bawat linggo ay mataas? Kung ang lima ay maliit kumpara sa dalawampu, ang dalawampu ay maliit din kumpara sa dalawandaan. Sinuman ang magturo tungkol sa thermometer at magsimula sa pamamagitan ng pagtatalumpati tungkol sa mababa at mataas na temperatura ay walang itinatanim sa isipan na anumang kaalaman. Dapat muna niyang ituro kung paano nakukuha ang pagyeyelo at pagkulo ng tubig, at paano itinatakda ng mga likas na pwersa ang mga antas na ito at hindi ang mga buladas ng mga nagmamanupaktura o nagbebenta ng thermometer. Ngayon, sa kaso ng sahod at tubo, hindi lamang nabigo si Ginoong Weston na maipakita ang gayong mga pamantayang punto batay sa mga batas pangkabuhayan kundi hindi niya nakitang kailangang hanapin ang mga iyon. Sapat na sa kanya ang maniwala sa palasak na

bukambibig na "mataas at mababa" na may hindi nagbabagong kahulugan kahit na tahasan lamang masasabing mataas o mababa ang sahod kumpara sa isang pamantayan na sukatan ng mga laki nito.

Hindi niya masabi sa akin kung bakit binabayaran ng isang dami ng salapi ang isang dami ng paggawa. Kapag sinagot niya ako na "Itinatakda ito ng suplay at pangangailangan," itatanong ko sa kanya, Ano naman ang batas na nagtatakda sa suplay at pangangailangan mismo? Laglag siya sa gayong sagot. Walang tigil na nagbabago ang relasyon ng suplay at pangangailangan ng paggawa, at sa gayong pagbabago ay nagbabago rin ang presyo ng paggawa. Kapag mas malaki ang pangangailangan kayasa sa suplay tumataas ang sahod; kapag mas malaki ang suplay kayasa sa pangangailangan, bumababa ito bagama't sa gayong mga pangyayari maaaring *subukan* ang tunay na kalagayan ng pangangailangan at suplay sa pamamagitan halimbawa ng welga o iba pang paraan. Pero, kung totoong ang suplay at pangangailangan ang nagtatakda ng 19 sahod, isang kalokohan ang magtalumpati laban sa pagtaas ng sahod dahil ayon sa kataastaasang batas na idinudulog ninyo, kailangan at dapat magkaroon ng isang panapanahong pagtaas at pagbaba ng sahod. Kapag *hindi* ninyo tinanggap na ang suplay at pangangailangan ang batas na nagtatakda ng sahod, uulitin ko ang tanong na bakit binabayaran ng isang dami ng salapi ang isang takdang dami ng paggawa?

Pero, mas malawak nating pag-aralan ang bagay na ito. Talagang magkakamali kayo kapag ipinalagay ninyong itinatakda nga ng suplay at pangangailangan ang halaga ng paggawa o ng anumang kalakal. Walang anumang itinatakda ang suplay at pangangailangan maliban sa pansamantalang *pagtaas at pagbaba* ng presyo. Ipaliliwanag sa inyo ng mga ito kung bakit nagiging mas mataas o mas mababa sa halaga nito ang presyo ng isang kalakal pero hindi nito maipaliliwanag ang mismong halaga. Ipagpalagay nating patas ang suplay at pangangailangan, o sa termino ng mga ekonomista, nagpupunuan ang isa't isa. Bakit sa sandaling magkapatas ang

magkalabang pwersang ito ay pinaparalisa nila ang isa't isa at tumitigil sa paggalaw sa magkabilaang direksyon. Sa sandaling magkapatas ang suplay at pangangailanghan at tumigil sa paggalaw bunga nito, tumatapat ang *presyong* palengke ng isang kalakal sa *tunay nitong halaga* batay sa istandard na presyo kung saan umiinog ang presyong palengke nito. Kaya sa pag-aaral sa katangian ng *halagang* iyon, wala tayong anumang pakialam sa mga panandaliang epekto sa presyo ng suplay at pangangailangan. Totoo rin ito sa sahod at sa presyo ng iba pang kalakal.

## V. SAHOD AT PRESYO

Sa pinakasimpleng paglalahad, ganito ang punto ng lahat ng argumento ng ating kaibigan: *"Ang presyo ng mga kalakal ay itinatakda o kinukontrol ng sahod."*

Baka dumulog ako sa praktikal na obserbasyon para tumestigo laban sa laos at durug-durog nang kaisipang ito. Baka sabihin ko sa inyong ang mga manggagawang Ingles sa pabrika, minahan, gawaan ng barko, at iba pang larangan ng industriya, na mas mataas ang sahod kaysa mga manggagawa sa ibang bansa, ay taluntalunan sa

bentahan ang lahat ng bansa dahil sa kamurahan ng kanilang kalakal; samantalang ang mga manggagawang mas mababa ang sahod, tulad halimbawa ng mga manggagawang Ingles sa agrikultura ay taluntalunan ng halos lahat ng bansa dahil sa kamahalan ng kanilang produkto. Sa pamamagitan ng pagkukumpara ng mga kalakal ng isang bansa at ng mga kalakal ng iba't ibang bansa, baka ipakita ko, maliban sa ilan na mas sa turing lang naman kaysa sa totoo, na sa karaniwan ang paggawang mas mahal ang bayad ay mas mura ang nalilikhang kalakal samantalang mas mura ang bayad ay mas mahal ang nalilikha. Syempre, hindi ito nangangahulugan na ang mataas na presyo ng paggawa ng isa, at mababa sa kabila, ang mga dahilan ng gayong magkakabaligtad na epekto, pero lubos-lubusan nitong patutunayan na hindi itinatakda ng presyo ng paggawa ang presyo ng mga kalakal. Pero talagang kalabisang gamitin natin ang empirikong paraang ito.

Maaring tanggihan na sinabi ni Ginoong Weston ang dogma na: *"Ang presyo ng mga kalakal ay itinatakda o kinukontrol ng sahod."* Totoo namang hindi niya ito sinabi. Kundi sinabi niya na ang tubo at upa ay mga sangkap na bahagi rin ng presyo ng mga kalakal, dahil hindi lamang ang sahod ng manggagawa ang binabayaran mula sa presyo ng mga kalakal, kundi pati ang tubo ng kapitalista at ang upa sa panginoong maylupa. Pero sa palagay niya, paano nabubuo ang presyo? Una, sa pamamagitan ng sahod. Tapos, isang porsyento ang idinadagdag para sa kapitalista at isa pa para sa panginoong maylupa. Ipaglagay nating sampu ang sahod ng paggawang ginamit sa produksyon ng kalakal. Kung 100 porsyento ang tantos ng tubo magdadagdag ng sampu ang kapitalista sa sahod na ipinaluwal nito, at kung 100 porsyento rin ng sahod ang tantos ng upa, sampu pa ang madadagdag at tatlumpu ang magiging kabuuang halaga ng kalakal. Pero malinaw na ipinapakita ng gayong pagtatakda ng presyo na itinatakda ito batay sa sahod. Kung tumaas sa dalawampu ang sahod sa kasong ating inihahalimbawa aakyat sa animnapu ang presyo ng kalakal. Bunga nito, sinikap ng lahat ng manunulat ng ekonomyang pampulitika na nagpanukalang sahod ang

nagtatakda sa presyo na patunayan ito sa pamamagitan ng pagtrato sa tubo at upa bilang *mga dagdag na porsyento lamang ng sahod*. Pero talagang wala ni isa man sa kanila ang nagtagumpay na gawing batas pangkabuhayan ang mga limitasyon ng mga porsyentong iyon. Gusto nilang palabasing itinatakda ang tubo ng tradisyon, ng kaugalian, ng kagustuhan ng kapitalista, o ng iba pang mga pansariling diskarte at hindi maipaliwanag na mga kadahilanan. Kung sasabihin nilang itinatakda ito ng kompetisyon ng mga kapitalista, wala silang ibig sabihin. Siguradong pagpapantay-pantayin ng kompetisyon ang iba't ibang tantos ng tubo sa iba't ibang negosyo, o ibababa ang mga iyon sa isang magkakatulad na antas, pero hindi nito maitatakda ang mismong antas, o ang pangkalahatang tantos ng tubo.

Ano ang ibig nating sabihin ng itinatakda ng sahod ang presyo ng mga kalakal? Dahil ang sahod ay tawag lang naman sa presyo ng paggawa, ibig nating sabihin, kung gayon, ay itinatakda ng presyo ng paggawa ang presyo ng mga kalakal. Dahil ang *"presyo"* ay isang naipagpapalit na halaga - at kapag nagsasalita ako ng halaga ay palaging naipagpapalit na halaga ang ibig kong sabihin - isang naipagpapalit na *halagang nasa anyong salapi,* ganito ang magiging proposisyon: *ang halaga ng mga kalakal ay itinatakda ng halaga ng paggawa, o ang halaga ng paggawa ang pangkalahatang sukatan ng halaga.*

Pero paano naman itinatakda ang *"halaga ng paggawa"?* Mauudlot tayo rito.

Syempre, mauudlot kapag pinilit nating mangatwiran nang diredirestso. Iyon ngang mga promotor ng doktrinang iyon ay nagkapalpak-palpak. Tingnan niyo na nga lang ang kaibigan nating si Weston. Una sinabi niya sa atin na itinatakda ng sahod ang presyo ng mga kalakal, at bunga nito, kapag tumataas ang sahod, obligadong tumaas din ang presyo. Tapos umikot siya para ipakita sa atin na hindi magandang tumaas ang sahod dahil tumaas na ang presyo ng mga kalakal at dahil ang sahod ay talaga namang sinusukat ng presyo ng mga kalakal na nabibili nito. Kaya, nagsisimula tayo sa deklarasyong ang halaga ng paggawa ang nagtatakda ng halaga ng mga kalakal, at nagtatapos sa deklarasyong ang halaga ng mga kalakal ang nagtatakda ng halaga ng paggawa. Kaya para tayong mga trumpong matinding iikot-ikot at walang anumang kongklusyong mararating.

Sa kabuuan, malinaw na sa paggamit ng halaga ng isang kalakal halimbawa'y paggawa, mais o iba pa, bilang pangkalahatang sukatan at tagapagtakda ng halaga, ipinapasa lang natin ang problema, sapagkat itinatakda natin ang halaga ng isa sa pamamagitan ng iba na kailangan ding maitakda ang mismong halaga.

Ganito mauuwi sa pinakamahirap intindihing ekspresyon ang dogma na "itinatakda ng sahod ang presyo ng mga kalakal," na "ang halaga ay itinatakda ng halaga," at ang ibig sabihin ng paikot-ikot na argumentong ito ay talagang wala tayong anumang alam tungkol sa halaga. Kapag tinanggap natin ang argumentong ito, wala nang katuturan ang lahat ng pangangatwiran tungkol sa mga pangkalahatang batas ng ekonomyang pampulitika. Kaya napakalaki ng ginawa ni Ricardo na madurog ang batayan ng luma, palasak at maling kaisipang "sahod ang nagtatakda ng presyo," sa kanyang akdang *The Principles of Political Economy* [9] na nalathala noong 1817, isang maling kaisipang muhing tinanggihan ni Adam Smith at ng mga Pranses na sinundan niya sa mga hindi maitatangging siyentipikong bahagi ng kanilang mga pananaliksik pero muli nilang binuhay sa mga kabanatang mas popular at bulgar.

## VI. HALAGA AT PAGGAWA

Mga kasama, dumating na ako ngayon sa bahaging kailangang talakayin na ang tunay na kalalabasan ng usapin. Hindi ko maipapangako na magagagawa ko ito sa kasiyasiyang paraan dahil para magawa ang gayon kakailanganin kong pasadahan ang buong larangan ng ekonomyang pampulitika. Kaya, sabi nga ng mga Pranses, mga pangunahing punto lamang ang babanggitin ko *(effleurer la question).*

Ganito ang una nating dapat itanong: Ano ang *halaga* ng isang kalakal? Paano ito naitatakda?

Sa unang tingin ang halaga ng isang kalakal ay parang isang bagay na *relatibo* lamang at hindi maipipirmi nang hindi isinaalang-alang ang relasyon ng isang kalakal sa iba pa. Sa katunayan, kapag nagsalita tayo ng halaga, ng halaga sa palitan ng isang kalakal, ang ibig nating sabihin ay ang katumbas na dami ng ibang kalakal na naipagpapalit dito. Pero, susulpot naman ang tanong: Paano naitatakda ang mga tumbasan ng palitan ng mga kalakal?

Alam nating sa karanasan na walang hangganan ang pagkakaiba-iba ng mga tumbasang ito. Sa pamamagitan ng isang kalakal, halimbawa'y trigo, makikita natin na naipapalit ang isang sakong trigo ng iba't ibang klaseng kalakal sa samutsaring daming katumbas. Pero, *dahil hindi nagbabago ang halaga nito,* ipalit man ito ng sutla, ginto o anumang kalakal, nangangahulugan na ito'y isang bagay na namumukod tangi, at walang kinalaman sa iba't ibang tantos na ito sa palitan ng iba't ibang kalakal. Dapat umubrang maipahayag, sa isang anyong malayong naiiba ang samutsaring tumbasang ito ng samutsaring kalakal.

Bukod pa, kapag sinabi kong ang isang sakong trigo ay naipapalit ng isang takdang dami ng bakal, o ang halaga ng isang sakong trigo ay naipapahayag sa isang takdang dami ng bakal, ibig kong sabihin nito na ang halaga ng trigo at ang katumbas nito sa bakal ay *pantay sa pangatlong kalakal*, na hindi trigo o bakal, dahil ipinapalagay kong pareho ang daming ipinapahayag nila sa dalawang magkaibang anyo. Kaya, lumalabas na alinman sa trigo o bakal ay pwedeng ipalit sa pangatlong kalakal na pareho nilang sukatan nang walang kinalaman ang isa't isa.

Para mailinaw ang puntong ito muli akong maglalarawan sa pamamagitan ng isang simpleng geometry. Paano natin pinagkukumpara ang sukat ng lahat ng klaseng tatsulok na iba-iba ang laki, o ikinukumpara ang mga tatsulok sa mga rektanggulo o iba pang mga pahabang hugis? Kinukuha natin ang sukat ng anumang klaseng tatsulok sa paraang iba sa nakikitang itsura nito. Dahil alam naman natin batay sa katangian ng tatsulok na ang sukat nito ay katumbas ng kalahati ng lapad paramihin ng taas, mapagkukumpara natin ang iba't ibang sukat ng lahat ng klase ng tatsulok at lahat ng klase ng mga parihaba dahil lahat ito ay pwedeng gawing ilang klaseng tatsulok.

Magagawa rin ang ganitong paraan sa mga halaga ng mga kalakal. Mailalagay natin ang lahat ng ito sa isang ekspresyong karaniwan sa lahat, at makikita ang kaibhan ng bawat isa sa pamamagitan ng taglay ng mga itong proporsyon ng isang pamantayang iyon.

Yayamang ang mga *naipagpapalit na halaga* ng mga kalakal ay mga *panlipunang katangian* lamang ng mga ito at walang anumang kinalaman sa *likas* nitong katangian, dapat muna nating itanong kung: Ano ang karaniwang *panlipunang sangkap* ng lahat ng kalakal? Walang iba kundi *paggawa*. Para malikha ang isang kalakal, kailangan itong pagkalooban, o gamitan, ng isang takdang dami ng paggawa. At hindi basta *paggawa* lamang ang ibig kong sabihin, kundi panlipunang paggawa. Ang isang taong gumagawa ng isang bagay para sa kanyang pansariling kagyat na konsumo, para gamitin niya , ay lumilikha ng *produkto*, pero hindi ng *kalakal.* Bilang isang nagsasariling gumagawa ng kalakal, wala siyang pakialam sa lipunan. Samantalang para makalikha ng *kalakal* hindi lamang kailangang lumikha ang isang tao ng produktong tumutugon sa ilang pangangailangang *panlipunan* kundi ang kanya mismong paggawa ay likas na bahagi ng kabuuang paggawang ginugol ng lipunan. Kailangang nakapailalim ito sa *hatian ng paggawa sa loob ng lipunan.* Wala itong saysay kung wala ang iba pang hatian ng paggawa at obligado itong *pumaloob* sa mga iyon.

Kapag itinuring natin ang mga *kalakal bilang mga halaga*, sa isang aspeto lamang natin itinuturing ang mga ito bilang *natapos*, *nakarga o kung gusto ninyo,* nabuong

panlipunang paggawa. Sa bahaging ito lamang pwedeng *magkaiba* ang mga ito sa kinakatawang laki o liit ng mga kantidad ng paggawa, tulad halimbawa ng paggawa ng panyolitong lana na mas mahabang panahon ang kailangan kaysa paggawa ng tisa. Pero, paano sinusukat ang mga *dami ng paggawa*? Sa pamamagitan ng *haba ng panahon ng paggawa*, sa pamamagitan ng pagsukat sa paggawa nang per ora, per dia at iba pa. Syempre, para magamit ang ganitong paraan, lahat ng klase ng paggawa ay inilalagay sa karaniwan o simpleng paggawa bilang kanilang pamantayan.

Kaya, ganitong kongklusyon ang mararating natin. Ang isang kalakal ay may halaga dahil ito ay isang *pagkakabuo ng panlipunang paggawa*. Depende ang *laki* ng halaga nito, ang *relatibo* nitong halaga, sa laki o liit ng panlipunang sangkap na taglay nito; ibig sabihin, sa kaugnay na dami ng paggawang kailangan para ito ay malikha. Kaya, *ang relatibong halaga ng mga kalakal* ay itinatakda ng *kanikaniyang kantidad o dami ng paggawang ginamit at nakarga sa mga iyon.* Magkatumbas ang halaga ng mga kalakal na nalilikha sa magkakaparehong haba ng panahon. O pantay ang halaga ng isang kalakal sa halaga ng iba dahil pareho ang dami ng paggawang nasa isang kalakal kumpara sa iba pa.

Sinasapantaha kong marami sa inyo ang magtatanong kung talaga bang totoong may gayong malaking pagkakaiba, o may pagkakaiba man lamang, ang pagtatakda ng halaga ng mga kalakal sa pamamagitan ng *sahod*, at pagtatakda ng mga ito sa pamamagitan ng *relatibong kantidad ng paggawang* kailangan sa paglikha sa mga iyon. Dapat ninyong malaman na dalawang bagay na malayong magkaiba ang *bayad* sa paggawa at kantidad ng paggawa. Halimbawa, ipagpalagay nating pantay ang kantidad ng paggawang nakakarga sa isang sakong trigo at isang onsang ginto. Ginamit ko ang

halimbawang ito dahil ginamit ito ni Benjamin Franklin sa una niyang sanaysay na nalathala noong 1729 na may pamagat na *A Modest Enquiry into the Nature ang Necessity of a Paper Currency,* [10] na isa sa mga unang nakasapol sa tunay na katangian ng halaga. Buweno. Kaya natin ipinalagay na ang isang sakong trigo at isang onsang ginto ay *pantay o magkatumbas ang mga halaga* dahil ang mga ito ay *nabuo sa pantay na dami ng karaniwang paggawa*, ng ilang araw o ilang linggong paggawang nakakarga sa bawat isa. Sa gayong pagtatakda ng relatibong halaga ng ginto at trigo, masasabi bang bumabatay tayo sa *sahod* ng manggagawang agrikultural at ng minero? Hindi ni katiting. Talagang *hindi natin iniintindi kung paano* binayaran ang kanilang arawan o lingguhang pagtatrabaho, o maski pa nga kung gumamit o hindi ng sahurang paggawa. Kung gumamit nga, lalabas na masyadong parehas ang sahod. Baka dalawang salop lang ang natanggap na sahod ng manggagawang ginugol ang paggawa sa isang sakong trigo, at kalahating onsang ginto naman ang natanggap ng minero. O ipagpalagay na pantay ang kanilang sahod, pwedeng magkaiba ang mga ito sa lahat ng klase ng proporsyon batay sa halaga ng mga kalakal na kanilang nalikha. Pwede itong maging kalahati, sangkatlo, sangkapat o, ikalima, o anumang iba pang sukat na parte ng isang sakong trigo o isang onsa ng ginto. Syempre, hindi pwedeng lumampas ang kanilang sahod, hindi pwedeng sobra pa, sa halaga ng mga kalakal na kanilang nalikha, pero pwede itong maging mas mababa sa anumang posibleng antas. *Lilimitahan ng halaga* ng mga produkto ang kanilang sahod, pero hindi lilimitahan ng sahod ang halaga *ng kanilang mga produkto*. At higit sa lahat, pwedeng maitakda ang
halaga, ang relatibong halaga ng trigo at ginto, halimbawa, nang walang anumang konsiderasyon sa halaga ng ginamit na paggawa, ibig sabihin sa *sahod*. Upang malaman ang halaga ng mga kalakal sa pamamagitan ng *relatibong kantidad ng*

*paggawang nakakarga sa mga ito* ay isang bagay kung gayon na naiiba sa paikot-ikot na paraan ng pag-alam sa halaga ng mga kalakal sa pamamagitan ng halaga ng paggawa, o sa pamamagitan ng sahod. Gayunman, higit pa nating lilinawin ang puntong ito sa takbo ng ating pag-aaral.

Sa pagkukwenta ng halaga sa palitan ng isang kalakal dapat nating idagdag sa kantidad ng huling paggawang ginugol ang kantidad ng naunang paggawang ginugol sa mga hilaw na sangkap ng kalakal at ang paggawang ginugol sa mga kagamitan, makina at mga gusali na katuwang sa gayong paggawa. Halimbawa, ang halaga ng isang takdang dami ng sinulid na bulak ay ang pagkakabuo ng dami ng paggawang nadagdag sa bulak sa pagsisinulid nito, ng kantidad ng paggawang naunang ginamit mismo sa bulak, kantidad ng paggawang nagamit sa uling, langis at iba pang kinakailangang sangkap, kantidad ng paggawang nakakarga sa makina, kidkiran, gusali ng pabrika, at iba pa. Ang tinatawag na mga gamit sa produksyon tulad ng makina, gusali, at iba pa, ay muli't muling ginagamit sa proseso ng produksyon sa loob ng mahaba o maigsing panahon. Kung isang gamitan lamang ang mga ito, tulad ng mga materyales o hilaw na sangkap, isang beses lang makakarga ang buong halaga ng mga ito sa mga kalakal na pinaggagamitan sa mga ito para malikha. Pero, dahil dahan-dahan ang pagkagastado ng, halimbawa, kidkiran, kinukuwenta ito batay sa haba ng panahong itatagal nito at kinukuha ang pagkasira sa loob ng isang panahon, halimbawa'y isang araw. Sa ganitong paraan nakukuwenta natin kung magkanong halaga ng kidkiran ang ikinarga sa isang araw na paggawa ng sinulid, at magkano kung gayon sa kabuuang halaga ng, halimbawa, isang kilong sinulid, ang para sa naunang paggawa na nakakarga sa kidkiran. Hindi natin kailangan sa ngayon na magpalawig sa bagay na ito.

Parang lumalabas na kung ang halaga ng isang kalakal ay itinatakda ng kantidad ng paggawang nagugol sa produksyon nito, mas tamad at pulpol ang isang tao, mas magiging mahal ang kanyang kalakal dahil mas mahaba ang panahong kinailangan para matapos niya iyon. Maling-mali ito. Maaalala ninyo na "panlipunang paggawa" ang ginamit kong termino, at maraming bagay ang nakapasok sa ibig sabihin ng salitang "panlipunan." Sa pagsasabing ang halaga ng isang kalakal ay itinatakda ng kantidad ng paggawang nagamit o nakarga rito, ang ibig nating sabihin ay ang kantidad ng paggawang kailangan sa ilalim ng mga karaniwang kondisyon ng produksyon, karaniwang antas ng pagtatrabaho ng lahat, at karaniwang kakayahan ng ginamit na paggawa. Sa Inglatera, noong kompetensyahin ng de-makinang panghabi ang de-mano, naging kalahati ang dating oras paggawang kailangan para makagawa ng isang yarda ng bulak o tela. Ang kawawang manghahabing de-mano ang gamit ay nagtatrabaho ngayon ng labimpito hanggang labingwalong oras sa isang araw, sa halip na sampu o siyam dati-rati. Pero sampung oras pa ring panlipunang paggawa ang kinakatawan ng kanyang produktong ginugulan ng dalawampung oras paggawa, o sampung oras na karaniwang kailangang paggawa para magawang tela ang isang dami ng sinulid. Kaya ang produkto ng kanyang dalawampung oras paggawa ay hindi mas malaki sa dati niyang produkto sa sampung oras.

Sabihin pa, kung ang dami ng karaniwang kailangang paggawa na nakakarga sa mga kalakal ang nagtatakda ng halaga sa palitan ng mga ito, bawat inilaki ng dami ng paggawang kailangan sa produksyon ng isang kalakal ay dapat madagdag sa halaga nito, yayamang bawat iniliit ay dapat mabawas.

Kung hindi nagbabago ang dami ng paggawang kailangan sa produksyon ng bawat

kalakal, hindi rin magbabago ang mga relatibo o kaugnay na halaga ng mga ito. Pero hindi ganito ang nangyayari. Walang tigil na nagbabago ang kantidad ng paggawang kailangan sa paglikha ng isang kalakal sa pagbabago ng mga kakayahan sa produksyon ng ginamit na paggawa. Kung mas malaki ang produktibong kakayahan ng paggawa, mas marami ang nagagawa sa isang panahon ng pagtatrabaho; at kung mas maliit ang mga kakayahan, mas kaunti ang nayayaring produkto sa parehong haba ng panahon. Halimbawa, kung sa pagdami ng populasyon ay kinailangang linangin ang mga lupang hindi gaanong mataba, makukuha lamang ang parehong dami ng ani sa pamamagitan ng paggugol ng mas maraming paggawa, at dahil dito, tataas ang presyo ng mga produktong agrikultural. Sa kabilang banda, kung sa pagkakaroon ng mga modernong gamit sa produksyon ay ilang libong ulit na lumaki ang nagagawang sinulid ng isang manggagawa kaysa noong gumagamit siya ng *spinning wheel*, talagang liliit ng ilang libong ulit ang nakakargang paggawa sa bawat kilo ng bulak na ginawang sinulid, at bunga nito, ilang libong ulit ding bababa kaysa dati ang halagang idinagdag ng pagsisinulid sa bawat kilo ng bulak. Bababa nang ayon dito ang halaga ng sinulid.

Bukod sa iba't ibang klase ng enerhiya at natamong mga kakayahan ng iba't ibang lahi ng mga tao, kailangan ding sumandig nang malaki ang mga produktibong kakayahan ng paggawa sa mga sumusunod:

Una. Sa mga *likas* na kondisyon ng paggawa, tulad ng taba ng lupa, mga mineral at iba pa.

Pangalawa. Sa tuluy-tuloy na paghusay ng mga *panlipunang kakayahan ng paggawa*, tulad ng sumisibol sa malakihang produksyon, konsentrasyon ng kapital at kombinasyon ng paggawa, paghahatian sa paggawa, makinarya, mga bagong pamamaraan, paggamit ng kemikal at iba pang likas na sangkap, pagbilis ng pagbibiyahe at komunikasyon, at sa bawat bagong tuklas at imbensyon ng siyensiya para magamit sa pagtatrabaho ang mga likas na elemento, at mapaunlad ang panlipunan o sama-samang katangian ng paggawa. Mas malaki ang produktibong kakayahan ng paggawa, mas maliit ang nakakargang paggawa sa isang dami ng nalilikhang produkto; kaya mas maliit ang halaga niyon. Mas maliit ang produktibong kakayahan ng paggawa, mas malaki ang nakakargang paggawa sa gayunding dami ng produksyon; kaya mas malaki ang halaga niyon. Samakatuwid, masasabi natin bilang isang pangkalahatang panuntunan na:

*Tuwiran ang relasyon ng mga kalakal sa panahon ng paggawang ginamit sa produksyon ng mga iyon, at baligtad sa mga produktibong kakayahan ng ginamit na paggawa.*

Dahil hanggang ngayon ay halaga lamang ang ating pinag-uusapan, magdadagdag ako ng ilang pangungusap tungkol sa presyo na nagiging ispesyal na anyo ng halaga.

Ang presyo mismo ay wala namang ibang ibig sabihin kundi *ekspresyon ng halaga sa salapi*. Ang presyo ng lahat ng kalakal ng bansang ito, halimbawa, ay ipinapahayag sa presyo ng ginto, samantalang sa Kontinente ay ipinapahayag ang mga ito sa mga presyo ng pilak. Tulad ng lahat ng iba pang kalakal, ang presyo ng ginto ay itinatakda ng kantidad ng paggawang kailangan para makuha ang mga ito. Ilang kantidad ng inyong pambansang produkto, na nagtataglay ng ilang kantidad ng inyong nabuong

pambansang paggawa, ang ipinagpapalit ninyo ng ginto at pilak sa mga bansang nagmimina ng mga naturang metal, na nagtataglay naman ng ilang kantidad ng kanilang *nabuong* paggawa. Sa ganitong paraan, sa katunayan nga'y sa *barter* pa, natutunan ninyong ipahayag sa ginto at pilak ang mga halaga ng lahat ng kalakal, ibig sabihin, ang kanikaniyang kantidad ng paggawang nakakarga sa mga iyon. Kapag sinipat pa nating mabuti ang ekspresyon ng halaga sa salapi, o sa ibang salita, ang *pagsasapresyo ng halaga*, makikita ninyo na isa itong proseso na binibigyan ninyo ang *mga halaga* ng lahat ng kalakal ng isang *hiwalay* at *magkakatulad* na anyo, o ipinapahayag ninyo ang ganito bilang mga kantidad na *parepareho* ang panlipunang paggawa. Hanggang ang presyo ay ekspresyon lamang ng halaga sa salapi, tinatawag itong *natural na presyo* ni Adam Smith at *"prix necessaire"* ng mga *physiocrat*s na Pranses.

Ano, kung gayon, ang relasyon ng *halaga* at *presyong palengke*, o ng *natural na presyo* at *presyong palengke*. Alam ninyong lahat na *parepareho* ang *presyong palengke* ng lahat ng kalakal na parepareho ang klase; pero pwedeng magkaiba ang mga kondisyon sa produksyon ng mga gumagawa ng gayong kalakal. Ipinapahayag lamang ng presyong palengke ang *karaniwang dami ng kailangang panlipunang paggawa*, sa ilalim ng karaniwang mga kondisyon sa produksyon, para tustusan ang pamilihan ng isang takdang dami ng isang klaseng kalakal. Kinakalkula ito batay sa bulto ng isang klaseng kalakal.

Sa anu't anuman tumatapat ang *presyong palengke* ng isang kalakal sa *halaga* nito. Sa kabilang banda, ang mga pag-inog ng presyong palengke, na minsa'y mas mataas sa halaga o natural na presyo at minsan nama'y mas mababa, ay nakadepende sa paglaki at pagliit ng suplay at pangangailangan. Walang tigil ang mga paglihis ng presyong palengke sa halaga, pero gaya ng sinabi ni Adam Smith: " Ang natural na presyo... ay ang sentrong presyo na iniinugan ng mga presyo ng lahat ng kalakal. Maraming hindi inaasahang pangyayari ang pwedeng magpako rito sa itaas, at minsa'y humahatak dito pababa. Pero, anuman ang mga sagabal na pumipigil sa mga ito na pumirmi o umikot sa sentrong presyo ito, tuluy-tuloy silang papunta rito." [11]

Hindi ko rito kayang busisiin ang bagay na ito. Sapat na ang sabihing *kapag* nagpatas ang suplay at pangangailangan, ang presyong palengke ng mga kalakal ay tutugma sa natural na presyo ng mga iyon, ibig sabihin, sa kanilang halaga, ayon sa pagtatakda ng kanikaniyang kantidad ng paggawang kailangan sa kanilang produksyon. Pero *kailangang* walang tigil na pumunta sa pagkapatas ang suplay at pangangailangan, kahit na nagagawa lamang nila ito sa pamamagitan ng pagpuno sa pagtaas-pagbaba ng isa't isa, ang magkaroon ang pagtaas ng katugmang pagbaba, o
ang pagbaba ng katugmang pagtaas. Kung imbes na nakatingin lang kayo sa araw-araw na pagtaas-pagbaba ng mga presyo at tiningnan ninyo ito sa mas mahaba-habang panahon, gaya halimbawa ng ginawa ni Ginoong Tooke sa kanyang akdang *History of Prices*, makikita ninyo na ang mga taas-baba ng mga presyong palengke, ang paglihis ng mga ito sa halaga, ang pag-akyat-panaog ng mga ito, ay pumaparalisa at pumupuno sa isa't isa; upang sa gayon, maliban sa epekto ng mga monopolyo na kailangan kong palampasin ngayon, lahat ng klaseng kalakal ay naibenta sa karaniwan ayon sa kanikanilang *halaga* o natural na presyo. Iba-iba ang karaniwang haba ng panahon ng pagtaas-pagbaba ng presyong palengke ng iba't ibang klaseng kalakal, dahil mas madali sa isang kalakal ang umakma sa suplay at pangangailangan kaysa ibang kalakal.

Kaya, sa masaklaw na paglalahad, at sumasaklaw sa mga mahaba-habang panahon, kung lahat ng klase ng kalakal ay ibenebenta sa halaga ng mga ito, kalokohang ipalagay na ang tubo, hindi sa mga indibidwal na kaso, kundi sa palagian at karaniwang tubo ng iba't ibang industriya, ay galing sa *ipinatong* sa presyo ng mga kalakal, o sa pagbebenta sa mga iyon ng mas mataas sa kanilang *halaga.* Makikita ang kamalian ng kaisipang ito kapag tiningnan nang lahatan. Ang palaging kinikita ng isang tao bilang tagapagbenta ay palagi niyang ikakalugi bilang mamimili. Maling-mali ang sabihing may mga taong nagbebenta lamang at hindi bumibili, o mga kumukunsumo lamang na hindi gumagawa ng produkto. Ang ibinayad ng mga taong ito sa mga nagmanupaktura ng produkto ay nakuha muna ng mga ito sa kanila nang wala ang mga itong anumang nahita. Kung kinuha muna sa iyo ng isang tao ang iyong pera at saka isinauli ang perang iyon sa pamamagitan ng pagbili sa iyong mga kalakal, hindi ka kikita sa pamamagitan ng pagbebenta ng iyong mga kalakal na napakamahal sa tao ring iyon. Pwedeng mapaliit ang lugi sa ganitong klaseng transaksyon, pero hindi ito kailanman makakatulong sa pagkakamal ng tubo.

Kaya, para maipaliwanag ang *pangkalahatang katangian ng tubo*, kailangan ninyong magsimula sa proposisyong, sa karaniwan, ang mga kalakal ay *ibenebenta sa tunay na halaga ng mga ito*, at nakakamal ang *tubo mula sa pagbebenta ng mga iyon nang ayon sa kanilang halaga*, ibig sabihin, ayon sa dami ng paggawang nakakarga sa mga iyon. Kapag hindi ninyo naipaliwanag ang tubo sa ganitong proposisyon, hinding-hindi ninyo ito maipaliliwanag. Parang kabalintunaan at kabaligtaran ito ng araw-araw na namamasdan. Pero kabalintunaan din na ang mundo ay umiikot sa araw, at ang tubig ay binubuo ng dalawang gas na madaling magliyab. Ang siyentipikong katotohanan ay palaging kabalintunaan kapag hinusgahan sa araw-araw na karanasan na nakatuon lamang sa mandarayang anyo ng mga bagay.

## VII. LAKAS PAGGAWA [12]

Matapos masuri ang katangian ng *Halaga,* ang *Halaga ng anumang klaseng kalakal*, sa abot ng kakayanin sa mabilis na paraan, pupunta tayo sa partikular na *Halaga ng Paggawa.* At dito'y kailangan ko kayong gulating muli ng isang parang kabalintunaan. Tiyak niyong lahat na Paggawa ang kanilang ibinebenta; dahil dito'y nangangahulugang may Presyo ang Paggawa. At dahil ang presyo ng isang kalakal ay ekspresyon lamang ng halaga nito sa salapi, nangangahulugan na mayroong gayong bagay tulad ng *Halaga ng Paggawa. Kaso'y walang umiiral na gayong bagay tulad ng* Halaga ng Paggawa sa karaniwang pagkakaintindi sa termino. Nakita natin na ang dami ng kailangang paggawa na laman ng kalakal ang bumubuo sa halaga nito. Ngayon, sa pamamagitan ng pananaw na ito sa halaga, paano natin maipaliliwanag ang halaga ng, sabihin nating sampung oras na arawang paggawa? Gaano karaming paggawa ang nasa araw na iyon? Sampung oras na paggawa. Ang sabihing ang halaga ng sampung oras na arawang paggawa ay katumbas ng sampung oras paggawa, o ng dami ng paggawang taglay nito, ay isang tawtolohiya o paikot-ikot na ekspresyon, at isang bagay pa nga na walang saysay. Syempre, sa sandaling matuklasan ang tunay pero nakatagong

kahulugan ng ekspresyong *"Halaga ng Paggawa"* maipaliliwanag natin ang hindi makatwiran at parang imposibleng gamit ng halaga, nang walang iniwan sa kapag natuklasan ang tunay na galaw ng mga planeta, bituin, at iba pa, ay maipaliliwanag ang kanilang parang mahiwaga o pambihirang mga kilos.

Hindi naman ang kanyang *Paggawa* ang tuwirang ipinagbibili ng manggagawa, kundi ang kanyang *Lakas Paggawa*, na pansamantala niyang ipinagagamit sa kapitalista. Kadalasan, naitakda na ng batas, hindi ko lang alam kung paano sa batas ng Inglatera pero malinaw sa ilang batas ng Kontinente, ang *maksimum na oras* o sukdulang panahong pwedeng ibenta ng isang tao ang kanyang lakas paggawa. Kapag pinayagang ibenta niya ito nang walang takdang panahon, karakarakang manunumbalik ang pang-aalipin. Halimbawa, kung ang bilihan ay hanggang nabubuhay siya, kaagad siyang magiging habambuhay na alipin ng kanyang employer.

Sa kanyang akdang *Leviathan,* nasapol ni Thomas Hobbes, isa sa mga pinakaunang ekonomista at pinakaorihinal na pilosopo ng Inglatera, ang puntong ito sa pamamagitan ng likas na angking talino, na hindi nakita ng lahat ng sumunod sa kanya. Aniya: "Tulad sa anumang bagay, *ang halaga o pakinabang ng isang tao* ay ang

kanyang presyo: ibig sabihin, kung magkano ang ibabayad para sa Paggamit ng kanyang Lakas." [13]

Umpisa sa batayang ito, magagawa nating itakda ang Halaga ng Paggawa tulad sa lahat ng iba pang kalakal.

Pero bago ito gawin, maaaring itanong muna kung paano nangyari ang gayong katakatakang kalagayang nakikita natin sa pamilihan ang isang grupo ng mga mamimili na may ari-ariang lupa, makina, mga materyales at pangangailangan sa buhay na pareparehong produkto ng paggawa, maliban lamang sa lupang nakatiwangwang, at isang grupo ng mga tagapagbenta na walang anumang maibebenta kundi ang kanilang kakayahang magtrabaho, ang lakas ng kanilang bisig at kakayahang mental? Na ang isang grupo ay walang tigil na bumibili para magkamal ng tubo at makapagpayaman, samantalang iyong isa ay walang tigil na nagbebenta upang mabuhay? Ang pagsusuri sa usaping ito ay magiging isang pagsusuri na tinatawag ng mga ekonomista na *"Nauna o Orihinal na Akumulasyon,"* na mas tamang tawaging *Orihinal na Pagkamkam.* Makikita natin na ang sinasabing *Orihinal na Akumulasyon* na ito ay walang ibang isinasaad kundi isang sunud-sunod na mga pangyayari sa kasaysayan na nauwi sa *Pagkawasak ng Orihinal na Pagkakaisa* ng Nagtatrabahong Tao at ng kanyang mga Kagamitan sa Paggawa. Lamang at hindi na sakop ng kasalukuyang paksa ang gayong pagsusuri. Kapag nangyari ang *Paghihiwalay* ng mga Nagtatrabahong Tao at mga Kagamitan sa Paggawa, gayon na ang magiging kalakaran at kusang lalaganap nang papatindi, hanggang muli itong baligtarin ng isang bago at pundamental na rebolusyon sa moda ng produksyon, at panumbalikin ang orihinal na pagkakaisa sa bagong anyong pangkasaysayan.

Ano, kung gayon, ang *Halaga ng Lakas Paggawa?*

Tulad ng bawat kalakal, itinatakda ang halaga nito ng kantidad ng paggawang kailangan para ito ay malikha. Ang lakas paggawa ng isang tao ay umiiral lamang sa kanyang katawan. May takdang dami ng mga panustos ang kailangang konsumuhin ng

isang tao para siya lumaki at manatiling buhay. Pero, ang tao, tulad ng makina, ay nagagastado rin at kailangang palitan. Bukod sa dami ng mga panustos para sa pagmamantini *ng kanyang sarili*, isa pang dami ng mga panustos ang kailangan niya para makasuporta ng ilang anak na papalit sa kanya sa palengke ng paggawa at maipagpatuloy ang lahi ng mga manggagawa. Higit pa rito, para mapaunlad ang kanyang kakayahan sa paggawa at magkaroon ng isang kaalaman, kailangang gumugol ng isa pa uling dami ng mga halaga. Sa paksa natin ngayon, sapat nang isaalang-alang ang karaniwang paggawa, at ang padausdos na gastos sa edukasyon at pagsasanay upang mantinihin ito. Gayunman, sasamantalahin ko ang okasyong ito para sabihing dahil iba-iba ang gastos sa paglikha ng iba't ibang klaseng lakas paggawa, natural na mag-iiba-iba rin ang halaga ng mga lakas paggawang gamit sa iba't ibang industriya. Kaya, mali ang batayan ng panawagang gawing pantay-pantay ang sahod, isang kahibangang hindi kailanman mangyayari. Inianak ito ng palsipikado at mababaw na radikalismo na tinatanggap ang mga batayang punto pero pinipilit iwasan ang mga kongklusyon. Sa pamamagitan ng batayan ng sistemang sahuran, naitatakda ang halaga ng lakas paggawa tulad ng anumang kalakal; at dahil iba-iba ang halaga ng iba't ibang klaseng lakas paggawa, o nangangailangan ng iba't ibang

dami ng paggawang kailangan sa kanilang produksyon, dapat lang mag-iba-iba ang presyo nila sa pamilihan ng paggawa. Ang humingi ng *pantay o kahit karampatang kabayaran* batay sa sistemang sahod ay walang iniwan sa humingi ng *kalayaan* batay sa sistemang alipin. Walang puwang dito ang iniisip ninyong makatarungan o matuwid. Ang tanong ay : Ano ang kailangan at hindi maiiwasan sa isang klase ng sistema ng produksyon?

Matapos ang paliwanag, makikita na ang *halaga ng lakas paggawa* ay itinatakda ng *halaga ng mga pangangailangan para malikha, mapaunlad, mapanatili at maipagpatuloy ang lakas paggawa.*

## VIII. PRODUKSYON NG LABIS NA HALAGA

Ipagpalagay natin ngayon na *anim na oras na karaniwang paggawa* isang araw ang kailangan para malikha ang karaniwang dami ng mga pangangailangan ng isang manggagawa. Pagkatapos, ipagpalagay nating anim na oras na karaniwang paggawa rin ang nasa isang kantidad ng gintong nagkakahalaga ng tatlong *shilling*. Kaya tatlong *shilling* ang magiging *Presyo o ekspresyon sa salapi ng Arawang Halaga ng Lakas Paggawa* ng isang tao. Sa anim na oras na pagtatrabaho sa isang araw malilikha niya ang halagang sapat na pambili ng karaniwang dami ng mga pangangailangan niya sa araw-araw, o mapananatili ang kanyang sarili bilang isang manggagawa.

Pero, isang sahurang manggagawa ang taong pinag-uusapan natin. Kaya kailangan niyang ipagbili sa kapitalista ang kanyang lakas paggawa. Kung ibenebenta niya ito ng tatlong *shilling* sa arawan, o 18 shilling sa lingguhan, ibig sabihi'y ibenebenta niya ito ayon sa halaga. Sabihin nating isa siyang spinner o gumagawa ng sinulid. Kung nagtatrabaho siya ng anim na oras isang araw, magdadagdag siya ng tatlong shilling isang araw sa halaga ng bulak. Ang halagang ito na araw-araw niyang idinadagdag ay

ang eksaktong katumbas ng sahod, o ng presyo ng kanyang lakas paggawa, na natatanggap niya nang arawan. Pero sa gayong kaso, *walang labis na halaga o sobrang produktong* mapupunta sa kapitalista. Narito tayo ngayon sa problema.

Sa pagbili ng lakas paggawa ng manggagawa, sa pagbabayad sa halaga nito, may karapatan ang kapitalista, tulad ng sinumang mamimili na konsumuhin o gamitin ang kalakal na kanyang binili. Nakokunsumo o nagagamit ang lakas paggawa ng isang tao sa pamamagitan ng pagpapatrabaho sa kanya tulad din ng makina na nakukonsumo o nagagamit sa pamamagitan ng pagpapatakbo nito. Kaya, sa pagbabayad sa arawan o lingguhang halaga ng lakas paggawa ng isang manggagawa nagkakaroon ang kapitalista ng karapatang gamitin o pakilusin ang lakas paggawa sa loob ng *isang araw o isang linggo.* Syempre, may mga limitasyon ang arawan o lingguhang pagtatrabaho pero mamaya na natin ito pag-aralan nang mas masusi.

Sa ngayon, gusto kong dalhin ang inyong atensyon sa isang mahalagang punto.

Ang *halaga* ng lakas paggawa ay itinatakda ng dami ng paggawang kailangan para ito mapanatili at maparami pero ang *gamit* ng lakas paggawang iyon ay hanggang sa kakayanin at matatagalan ng manggagawa. Malayong nagkakaiba ang arawan o lingguhang halaga ng lakas paggawa sa arawan o lingguhang paggamit dito, tulad sa malayong pagkakaiba ng mga pagkaing kailangan ng kabayo at itatagal ng pagtakbo nito sakay ang hinete. Ang dami ng paggawang naglilimita sa halaga ng lakas paggawa ng manggagawa ay hindi naglilimita sa dami ng paggawang pwedeng gawin ng kanyang kakayahang magtrabaho. Kunin nating halimbawa ang magsisinulid. Nakita natin na para araw-araw na mapapanibagong-sigla ang kanyang lakas paggawa, kailangan niyang lumikha ng halagang tatlong shilling araw-araw na magagawa niya sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng anim na oras araw-araw. Pero hindi nito inaalis sa kanya ang kakayahang magtrabaho ng sampu, labindalawa o higit pang oras sa isang araw. Kaso, sa pamamagitan ng pagbabayad sa arawan o lingguhang halaga ng lakas paggawa ng magsisinulid, nakuha ng kapitalista ang karapatang gamitin ang lakas paggawang iyon sa loob ng isang buong araw o isang buong linggo. Kaya, pagtatrabahuin siya ng kapitalista ng, sabihin nating *labindalawang oras isang araw. Dagdag* sa anim na oras na kailangan niyang magtrabaho para masulitan ang kanyang sahod o ang halaga ng kanyang lakas paggawa, kailangan niya kung gayong magtrabaho ng dagdag pang *anim na oras*, na tatawagin kong mga oras ng *sobrang paggawa,* na lilikha ng isang *labis na halaga* at sobrang produkto. Halimbawa, kung sa anim na oras ng pagtatrabaho araw-araw ay nagdadagdag ang ating magsisinulid ng tatlong shilling sa halaga ng bulak, isang halagang eksaktong katumbas ng kanyang sahod, sa loob ng labindalawang oras ay makapagdaragdag siya ng anim na shilling sa halaga ng bulak at lilikha ng isang *katumbas na dami ng sobrang sinulid.* Dahil ibenebenta niya sa kapitalista ang kanyang lakas paggawa, mapupunta rito ang lahat ng nalikha niyang sobrang produkto sapagkat ito ang may-ari sa panahong iyon ng kanyang lakas paggawa. Kaya, sa pagpapaluwal ng halagang nalilikha sa anim na oras na pagtatrabaho, nakukuha nito ang halagang nalilikha sa labindalawang oras na pagtatrabaho. Sa araw-araw na pag-ulit ng ganitong proseso, araw-araw na magpapaluwal ng tatlong *shilling* ang kapitalista at araw-araw na makakahamig ng anim, na ang kalahati ay muling ipambabayad ng sahod at ang kalahati ay labis na halaga na walang katumbas na ibinabayad ang kapitalista. Nakabatay sa ganitong *klase ng palitan ng kapital at paggawa* ang kapitalistang produksyon o sistemang sahuran at palaging

kailangang magresulta ng pagpapanatili sa manggagawa bilang manggagawa at sa kapitalista bilang kapitalista.

Sa ilalim ng normal na kondisyon, ang *tantos ng labis na halaga* ay didepende sa laki ng parte ng arawang paggawa na kailangan para makapagpanibago ang lakas paggawa at laki ng parte ng sobrang oras o sobrang paggawa na ginagampanan para sa kapitalista. Kaya didepende ito *kung gaano pinahaba ang arawang paggawa* nang lampas sa parteng sapat lang ang pagtatrabaho ng manggagawa para mapanibago ang kanyang lakas paggawa o masulitan ang kanyang sahod.

## IX. HALAGA NG PAGGAWA

Bumalik tayo ngayon sa ekspresyong *"Halaga o Presyo ng Paggawa."*

Malinaw na sa atin na sa ngayon ay halaga lang naman ito ng lakas paggawa, na sinusukat ng halaga ng mga kalakal na kailangan para ito mapanatili. Pero, dahil natatanggap ng manggagawa ang kanyang sahod matapos niyang gampanan ang kanyang trabaho, at, higit pa, sa kanyang pagkakaalam ay ang kanyang paggawa ang ibinibigay niya sa kapitalista, natural lamang na ituring niya ang halaga o presyo ng kanyang lakas paggawa bilang presyo o halaga ng kanyang paggawa mismo. Kung tatlong *shilling* ang presyo ng kanyang lakas paggawa na kumukunsumo ng anim na oras na pagtatrabaho, at labindalawang oras siyang nagtatrabaho, natural lamang na ituring niya ang tatlong *shilling* na ito bilang halaga o presyo ng labindalawang oras na pagtatrabaho, bagaman ang labindalawang oras na ito ng pagtatrabaho ay lumilikha ng halagang anim na shilling. Dalawang bagay ang ibinubunga nito.

Una. Ang halaga o presyo ng lakas paggawa ay nagmumukhang ang presyo o halaga ng paggawa mismo , kahit na sa totoo ay wala namang kahulugan ang ekspresyong presyo o halaga ng lakas paggawa.

Pangalawa. Bagaman *bayad* ang isang bahagi ng arawang pagtatrabaho ng manggagawa, at *hindi bayad* ang isang bahagi, at samantalang ang hindi bayad o sobrang paggawa ang bumubuo mismo ng pondong pinagmumulan ng *sobrang halaga o tubo*, nakikita ang kabuuang paggawa na para bang bayad na paggawa.

Ang maling itsurang ito ang kaibahan ng *sahurang paggawa* sa isa pang anyo ng paggawa sa *kasaysayan.* Sa ilalim ng sistemang sahuran, pati ang *hindi bayad* na paggawa ay nagmumukhang *bayad* na paggawa. Kabaligtaran naman sa sistemang alipin na pati ang bayad na bahagi ng pagtatrabaho ay nagmumukhang hindi bayad. Syempre, kailangang mabuhay ang alipin para siya'y makapagtrabaho, at isang bahagi ng kanyang arawang paggawa ay napupunta bilang pamalit sa halaga ng pansarili niyang pangangailangan. Pero, dahil wala naman siyang kontratang pinirmahan sa kanyang panginoon, at wala namang bilihan at bentahang namagitan sa kanilang

dalawa, nagmumukhang *libre o walang bayad* ang lahat ng kanyang pagtatrabaho.

Kunin naman natin ang timawa, na masasabi kong hanggang nito lang ay umiiral pa sa buong Silangang Europa. Halimbawa, maaaring nagtatrabaho ng tatlong araw sa sarili niyang bukid, o sa bukid na pinagtalagahan sa kanya, ang timawang ito, at sa sumunod na tatlong araw ay nagtatrabaho naman nang sapilitan o walang bayad sa lupa ng kanyang panginoon. Kaya sa kasong ito, malinaw ang pagkakahiwalay ng bayad at hindi bayad na paggawa, na magkakahiwalay ng panahon at lugar; at ang ating mga Liberal ay labis na nagngingitngit sa hibang na kaisipang pagtrabahuin ng libre o walang bayad ang isang tao.

Kung sabagay, sa katunayan, walang ipinagkaiba kung nagtatrabaho man ang isang tao ng tatlong araw para sa kanyang sarili sa sarili niyang bukid at tatlong araw sa lupain ng kanyang panginoon nang libre, o nagtatrabaho siya sa pabrika o

pagawaan ng anim na oras araw-araw para sa kanyang sarili at anim na oras para sa kanyang employer, bagama't sa pangalawang kaso ay magkahalo ang bayad at hindi bayad na mga bahagi ng paggawa na hindi mapaghihiwalay, at ang katangian ng buong transaksyon ay ganap na namamaskarahan ng *pagkakaroon ng kontrata* at ng *bayad* na natatanggap sa pagtatapos ng linggo. Dalawa ang itsura ng hindi bayad na paggawa: sa isa, parang boluntaryo itong ipinagkakaloob; sa kabila, obligado itong ipagkaloob. Ganito ang pagkakaiba.

Sa paggamit natin ng salitang *"halaga ng paggawa," ginagamit ko lamang ito bilang popular na termino ng salitang* "halaga ng lakas paggawa."

## X. NAKAKAMAL ANG TUBO SA PAMAMAGITAN NG PAGBEBENTA NG KALAKAL SA HALAGA NITO

Sabihin nating anim na *pence* ang katumbas na halagang nalilikha sa isang oras paggawa, o anim na *shilling* sa labindalawang karaniwang oras paggawa. Pagkatapos, ipagpalagay nating tatlong *shilling* ang halaga ng paggawa o ang produkto ng anim na oras na pagtatrabaho. Kung, halimbawa, dalawampu't apat na oras paggawa ang nakakarga sa mga materyales o hilaw na sangkap, makina at iba pang ginamit sa kalakal, labindalawang shilling ang magiging kabuuang halaga ng mga ito. Pagkatapos, kung labindalawang oras ngang pagtatrabaho ang idinagdag ng manggagawang sasahuran ng kapitalista, ang labindalawang oras paggawang ito ay makakarga bilang dagdag na anim na shilling. Kaya, ang magiging kabuuang halaga ng produkto ay 36 na oras paggawa o 18 *shilling*. Pero, dahil tatlong *shilling* lang ang ibabayad na halaga ng paggawa o sahod ng manggagawa, walang kaukulang ibinayad ang kapitalista sa dagdag na anim na oras paggawa ng manggagawa na ikinarga sa kalakal. Kaya, sa pamamagitan ng pagbebenta ng kalakal sa 18 *shilling* na halaga nito, hahamig ng tatlong shilling ang kapitalista mula sa hindi niya binayaran. Magiging *labis na halaga o tubo* ang tatlong *shilling* na ito na ibubulsa niya. Kaya, tutubo ng tatlong *shilling* ang kapitalista hindi sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanyang kalakal sa presyong mas

mataas sa halaga nito, kundi sa pamamagitan ng pagbebenta sa *tunay na presyo nito*.

Ang halaga ng isang kalakal ay itinatakda ng *kabuuang dami ng paggawang taglay nito*. Pero ang isang bahagi ng dami ng paggawang iyon ay nasa halagang binayaran ng katumbas sa anyo ng sahod, at ang isa pang bahagi ay nasa halagang *walang* katumbas na kabayaran. Isang bahagi ng paggawang nasa kalakal ay *bayad* na paggawa, at isang bahagi ay *hindi bayad* na paggawa. Kaya, sa pamamagitan ng pagbebenta ng kalakal sa halaga nito, ibig sabihin, bilang suma total ng *buong dami ng paggawang* ginugol dito, natural na maibenta niya ito nang may tubo. Ibenebenta niya ito hindi lamang sa kung magkano ang nagasta niya rito kundi pati sa wala siyang nagastang kahit na ano, bagamat pinagpaguran iyon ng kanyang manggagawa. Magkaiba ang itinuturing ng kapitalista na gastos ng kalakal at tunay na gastos. Kung gayon inuulit ko na ang normal at karaniwang tubo ay nakukuha sa pagbebenta ng mga kalakal sa *tunay na presyo ng mga ito at hindi sa mas mataas*.

## XI. ANG PAGKAKAHATI NG LABIS NA HALAGA SA IBA'T IBANG BAHAGI

Ang labis na *halaga*, o iyong bahagi ng kabuuang halaga ng kalakal na nakakarga ang *sobrang paggawa o hindi bayad* na paggawa ng manggagawa, ay tinatawag kong Tubo. Hindi ibinubulsa ng nagpapatrabahong kapitalista ang buong tubong iyon. Dahil monopolyo ng panginoong maylupa ang lupa, nahahamig niya ang isang bahagi ng *sobrang halaga* na tinatawag na *upa,* nang walang pakialam kung gamitin man ang lupa sa agrikultura, tayuan ng gusali, padaanan ng riles, o anupaman. Sa kabilang banda, dahil mismo sa pagkakaroon ng mga kagamitan sa produksyon kaya nagagawa ng nagpapatrabahong kapitalista na makakuha ng sobrang halaga*, o makahamig ng isang takdang dami ng hindi bayad na paggawa* , nagagawa ng may-ari ng mga gamit sa produksyon, ang kapitalistang nagpautang ng salapi, na maaaring nagpahiram ng buo o ilang bahagi lamang sa nagpapatrabahong kapitalista, na makabahagi rin ng isang bahagi sa labis na halaga na tinatawag na *interes*, na pagkatapos awasin ang mga ito ay natitirhan na lamang ang nagpapatrabahong kapitalista ng tinatawag na *tubong industriyal o komersyal.*

Malayo na sa paksa natin kung paano natatakda ang partihang ito ng kabuuang dami ng labis na halaga sa naturang tatlong kategorya ng mga tao. Pero hindi ito nalalayo sa pagkakalahad natin.

*Ang upa, interes at tubong industriyal ay iba't ibang pangalan lamang ng iba't ibang bahagi ng* labis na halaga *ng kalakal, o hindi bayad na paggawang nakakarga rito, at pareparehong galing dito, at dito lamang nanggagaling.* Hindi galing ang mga ito sa *lupa* o sa *kapital*; sa halip, nakakabahagi ang mga may-ari ng lupa at ng kapital sa labis na halagang napiga ng nagpapatrabahong kapitalista sa manggagawa. Para sa manggagawa, hindi mahalaga kung ang labis na halagang iyon, ang produkto ng kanyang sobrang paggawa o hindi bayad na paggawa ay buung-buong ibinubulsa ng nagpapatrabahong kapitalista o obligado niyang partihan nito ang ibang tao sa anyo ng upa at interes. Kung sarili ng nagpapatrabahong kapitalista ang kanyang kapital at lupa,

di sa kanya lahat ang buong labis na halaga.

Ang nagpapatrabahong kapitalista ang tuwirang humahamig ng labis na halaga sa manggagawa kahit anupamang parte lamang ang mapunta sa kanya sa bandang huli. Kaya sa relasyong ito ng nagpapatrabahong kapitalista at sahurang manggagawa nakabatay ang sistemang sahuran at ang buong kasalukuyang sistema ng produksyon. Kaya mali ang ilang kasamang lumahok sa ating debate sa hindi pagsasalita ng tahasan at pagturing na pangalawang usapin lamang ang pundamental na relasyong ito ng nagpapatrabahong kapitalista at manggagawa, bagamat tama sila nang sabihing sa ilalim ng ilang pangyayari, pwedeng hindi maging pantay-pantay na maapektuhan ng pagtaas ng mga presyo ang nagpapatrabahong kapitalista, may-ari ng lupa at kapitalistang maysalapi, at kung tutuusin, ang kolektor ng buwis.

Isa pang pangyayari ang sumusulpot mula sa nabanggit.

Ang bahaging iyon ng kalakal na kumakatawan lamang sa halaga ng mga materyales o hilaw na sangkap at makina, sa madaling sabi, sa halaga ng nagamit na mga kagamitan sa produksyon, ay *walang anumang kinikita,* kundi *pinapalitan lamang ang kapital.* Pero maliban dito, hindi totoo na ang ibang bahagi ng halaga ng kalakal na *bumubuo ng kita,* o maaaring gastahin sa anyo ng sahod, tubo, upa, o interes ay *binubuo* ng halaga ng sahod, halaga ng upa, halaga ng tubo, at iba pa. Halimbawa, isaisantabi muna natin ang sahod at pagtuunan lamang ang tubong industriyal, interes at upa. Katatapos pa lamang nating makita na ang labis na halagang nasa kalakal, o ang bahaging iyon ng halaga na nagtataglay ng hindi bayad na paggawa, ay nahahati sa iba't ibang bahagi, sa tatlong iba't iba ang pangalan. Pero talagang kabaligtaran ng katotohanan ang sabihing *binubuo* ang halaga nito ng *pagkakadagdag ng mga hiwalay na halaga ng tatlong bahaging ito*.

Kung nakalilikha ng halagang anim na *pence* ang isang oras paggawa, tapos labindalawang oras isang araw na nagtatrabaho ang manggagawa, at pagkatapos hindi bayad na paggawa ang kalahati ng oras na ito, magdadagdag ang sobrang paggawang iyon ng sobrang halagang tatlong shilling, ibig sabihin, ng halagang walang itinumbas na kabayaran. Ang tatlong shilling na sobrang halagang ito ang komposisyon ng *buong pondong* maaaring paghatian ng nagpapatrabahong kapitalista, panginoong maylupa at nagpautang ng salapi sa anumang laki ng partihan. Ang halaga ng tatlong shilling na ito ang bumubuo sa limitasyon ng halagang kailangan nilang paghati-hatian. Pero hindi ang nagpapatrabahong kapitalista ang nagdadagdag sa halaga ng kalakal ng isang arbitraryong halagang gusto niyang tubuin kung saan isang halaga pa ang idinagdag para sa panginoong maylupa, at iba pa, sa paraang ang pagdadagdag ng mga nakatalagang halagang ito na ayon sa mga pansariling kagustuhan ang magiging kabuuang halaga. Kaya, nakikita ninyo ang kamalian ng karaniwang paniniwala na napagkakamalan ang *pagkakahati ng isang halaga* sa tatlong bahagi bilang mga sangkap ng halagang iyon at nabubuo sa pagkakadagdag ng tatlong *nagsasariling* halaga, sa gayon ay napalalabas nilang ayon lamang sa pansariling kagustuhan ang laki ng kabuuang halagang pinagkukunan ng upa, interes at tubo.

Ang halagang 100 pounds-sterling na kinita ng kapitalista bilang tubo, na itinuturing na absolutong kantidad ay tinatawag nating *laki ng tubo*. Iyon namang porsyento ng 100 pounds-sterling na ipinaluwal na kapital, na isang relatibong kantidad, ay tinatawag nating *tantos ng tubo*. Talagang puwedeng maipahayag ang tantos ng tubo sa dalawang

paraan.

Ipagpalagay na 100 pounds-sterling ang kapital na ipinaluwal sa sahod. Kung 100 pounds-sterling din ang nalikhang labis na halaga - at magpapakita ito sa atin na binubuo ng *hindi bayad* na paggawa ang kalahati ng araw paggawa ng manggagawa - at sinukat natin ang tubong ito sa halaga ng kapital na ipinaluwal sa sahod masasabi natin na 100 porsyento ang tantos ng tubo dahil isandaan ang ipinaluwal at isandaan ang kinita.

Pero sa kabilang banda, kapag hindi lamang ang *kapital na ipinaluwal* sa sahod ang isasaalang-alang natin kundi ang *kabuuang ipinaluwal na kapital*, halimbawa'y sabihin nating 500 pounds-sterling, na ang 400 pounds-sterling ay nasa halaga ng mga

materyales o hilaw na sangkap, makina at iba pa, masasabi nating 20 porsyento lang ang tantos ng tubo dahil ikalimang parte lang ng kabuuang kapital na ipinaluwal ang isandaan.

Ang unang paraan ng pagpapahayag ng tantos ng tubo ay ang tanging magpapakita sa inyo ng tumbasan ng bayad at hindi bayad na paggawa, ang tunay na katibayan ng tindi ng *pagsasamantala sa paggawa*. Ang pangalawang paraan ng pagpapahayag ay ang karaniwang gamit, at talagang angkop sa ilang gamit. Sa tuwina, ito ang pinakamabisang kasangkapan ng kapitalista para maitago ang laki ng nahahamig na di-bayad na paggawa ng manggagawa.

Sa susunod gagamitin ko ang salitang *Tubo* para sa kabuuang dami ng sobrang halagang nakamal ng kapitalista nang walang pakialam kung paano ito pinaghahatihatian ng iba't ibang panig, at sa paggamit ng terminong *Tantos ng Tubo*, palagi kong susukatin ang tubo batay sa kapital na ipinaluwal sa sahod.

## XII. PANGKALAHATANG RELASYON NG TUBO, SAHOD AT PRESYO

Bawasin sa halaga ng kalakal ang halagang pamalit sa halaga ng mga hilaw na materyales at iba pang kagamitan sa produksyong ginugol dito, ibig sabihin, awasin ang halagang kumakatawan sa *nakalipas* na paggawang taglay nito, at ang natitirang halaga nito ay ang magiging dami ng paggawang idinagdag ng manggagawang *huling* pinagtrabaho. Kung labindalawang oras nagtatrabaho araw-araw ang manggagawang iyon, at ang labindalawang oras na karaniwang paggawa ay lumilikha ng dami ng ginto na anim na *shilling* ang katumbas, ang dagdag na halagang anim na *shilling* na ito ang *tanging* halagang nalilikha ng kanyang paggawa. Ang naturang halagang ito, na itinatakda ng panahon ng kanyang pagtatrabaho, ang tanging pondo na pinagkukunan niya at ng kapitalista ng kanikanilang bahagi o dibidendo, ang tanging halagang paghahati-hatian ng sahod at tubo. Hindi na kailangang sabihin na hindi magbabago ang halagang ito paano man nilang dalawa ito paghatian. Wala ring magbabago sakaling imbes na isang manggagawa ay isama natin ang buong nagtatrabahong populasyon, at gawing labindalawang miyong arawang paggawa sa halip na isa.

Yayamang limitado ang halagang ito, ibig sabihin, ang halagang sinusukat ng kabuuang pagtatrabaho ng manggagawa, na paghahati-hatian ng kapitalista at manggagawa, kapag mas malaki ang kinuha ng isa, mas maliit ang mapupunta sa isa pa, at *vice versa*. Sa ano mang kantidad, ang ilalaki ng isang bahagi ay ililiit ng kabilang bahagi. Kapag umabante ang sahod, aatras ang tubo. Kapag bumaba ang sahod, tataas ang tubo; at kapag tumaas ang sahod, bababa ang tubo. Kung ang ating inihalimbawang manggagawa ay tumatanggap ng tatlong *shilling*, na katumbas ng kalahati ng kanyang nalilikha, o kung binubuo ang kanyang buong araw na pagtatarabaho ng kalahating bayad at kalahating hindi bayad, 100 porsyento ang magiging *tantos ng tubo*, dahil tatlong *shilling* din ang mapupunta sa kapitalista. Kung dalawang *shilling* lang ang natatanggap ng manggagawa, o sangkatlo lamang ng arawang paggawa ang pagtatrabaho niya para sa kanyang sarili, apat na shilling ang mapupunta sa kapitalista at magiging 200 porsyento ang tantos ng tubo. Kung apat na *shilling* ang natatanggap ng manggagawa, dalawang *shilling* lang ang mapupunta sa kapitalista, at babagsak ang tantos ng tubo sa 50 porsyento, pero hindi maaapektuhan ng mga pagbabagubagong ito ang halaga ng kalakal. Kaya, ang isang pangkalahatang pagtaas ng sahod ay magbubunga ng isang pangkalahatang pagbaba ng tantos ng tubo, pero hindi maaapektuhan ang mga halaga.

Pero, bagamat itinatakda lamang ng kabuuang dami ng paggawang nakakarga sa mga kalakal ang halaga ng mga ito, na sa bandang huli ay dapat kumontrol sa kanilang mga presyong palengke, hindi kailanman nangangahulugan na mananatiling nakapirmi ang halaga ng isang kalakal, o sangkaterbang kalakal, na nalikha sa loob ng labindalawang oras, halimbawa. Ang *bilang* o dami ng mga kalakal na nalilikha sa isang itinakdqang panahon ng pagtatrabaho, o isang itinakdang dami ng paggawa, ay nakadepende sa *produktibong kakayahan* ng pinagtrabahong paggawa at hindi sa lawak at haba nito. Halimbawa, ang isang antas ng produktibong kakayahan ng trabahong pag-iikid *(spinning labour)* ay maaaring makalikha ng labindalawang kilong sinulid sa loob ng labindalawang oras na arawang paggawa, samantalang dalawang kilo lang ang nagagawa ng antas na mas mababa rito. Kaya, kung ang labindalawang karaniwang oras paggawa ay ikinarga sa halagang anim na shilling sa unang kaso, anim na shilling ang magiging gastos ng labindalawang kilong sinulid; sa pangalawang kaso, anim na shilling din ang magiging gastos ng dalawang kilo. Kaya, sa unang kaso, magkakahalaga ng anim na pence ang isang kilong sinulid, at tatlong shilling kada kilo naman sa pangalawa. Ang pagkakaibang ito ng presyo ay ibubunga ng pagakakaiba sa produktibong kakayahan ng ginamit na paggawa. Sa mas mataas na produktibong kakakayahan, isang oras paggawa ang makakarga sa isang kilong sinulid, samantalang anim na oras paggawa sa isang kilo sa mas mababang kakayahan. Sa unang kaso, anim na pence lamang ang magiging presyo ng isang kilong sinulid, bagamat mataas ang sahod at mababa ang tantos ng tubo; sa pangalawa, tatlong shilling isang kilo, bagamat mababa ang sahod at mataas ang tantos ng tubo. Magiging ganito ito dahil ang presyo ng isang kilong sinulid ay itinatakda ng *kabuuang dami ng paggawang ginugol dito*, at hindi ng *proporsyon ng pagkakahati ng kabuuang daming ito sa bayad at hindi bayad na paggawa.* Kaya, nahuhubaran na ng hiwaga ang pangyayaring sinabi ko kanina na ang paggawang mahal ang presyo ay maaaring lumikha ng murang kalakal, at ang paggawang mura ang presyo, ng mahal na kalakal. ito ay ekspresyon lamang ng pangkalahatang batas na ang halaga ng isang kalakal ay itinatakda ng dami ng paggawang nagugol dito, at ang daming iyon ng nagugol na paggawa ay buung-buong

nakadepende sa produktibong kakayahan ng ginamit na paggawa, kaya nagbabago sa pagbabagubago ng nagawang produksyon ng paggawa.

## XIII. MGA PANGUNAHING KASO NG PAGPUPUNYAGING ITAAS ANG SAHOD O LABANAN ANG PAGBABA NITO

Masusi natin ngayong pag-aralan ang mga pangunahing kaso ng pagsisikap maitaas ang sahod o nilalabanan ang pagbaba nito.

1. Alam na natin na ang *halaga ng lakas paggawa*, o sa mas popular na tawag, *halaga ng paggawa,* ay itinatakda ng halaga ng mga pangangailangan, o dami ng paggawang kailangan para malikha ito. Kaya, sa isang banda, kung ang halaga ng mga pang-araw-araw na pangangailangan ng isang manggagawa ay kumakatawan ng anim na oras paggawa na ipinapahayag sa tatlong *shilling,* kailangang magtrabaho ng anim na oras isang araw ang manggagawa para sa pang-araw-araw niyang pangangailangan. Kung labindalawang oras ang isang araw paggawa, babayaran ng kapitalista ang halaga ng kanyang paggawa sa pamamagitan ng pagbabayad ng tatlong *shilling.* Magiging di-bayad na paggawa ang kalahati ng arawang paggawa, at 100 porsyento ang magiging tantos ng tubo. Pero, ipagpalagay na bunga ng pagbaba ng produktibidad ay mas maraming manggagawa ang kakailanganin ngayon sa paglikha ng, sabihin nating, dating dami ng produktong agrikultural, at dahil dito ay tumaas ang presyo ng mga pang-araw-araw na pangangailangan sa apat na *shilling* mula sa tatlo. Sa gayong kaso, tataas ang *halaga* ng paggawa ng sangkatlo o 33 1/3 porsyento. Walong oras na arawang paggawa ang kakailanganin para malikha ang katumbas na pang-araw-araw na pangangailangan ng manggagawa batay sa dati niyang pamantayan ng pamumuhay. Kaya, bababa sa apat ang anim na oras na sobrang paggawa at sa 50 porsyento ang dating 100 porsyentong tantos ng tubo. Pero, sa paggigiit ng pagtaas ng sahod, ang iginigiit lamang ng manggagawa ay makuha ang *lumaking halaga ng kanyang paggawa,* na walang iniwan sa sinumang nagbebenta ng kalakal na hahabuling makuha ang dagdag na halaga ng lumaking gastos ng kanyang mga kalakal. Kapag hindi tumaas ang sahod, o hindi sapat na tumaas para masulitan ang lumaking halaga ng mga pangangailangan, babagsak ang *presyo* ng paggawa nang mas mababa sa *halaga ng paggawa*, at babagsak ang pamantayan ng pamumuhay ng manggagawa.

Pero, pwede ring magkaroon ng pagbabago sa kabilang direksyon. Bunga ng tumaas na produktibidad ng paggawa, pwedeng bumaba sa dalawa mula sa tatlo ang parehong dami ng mga karaniwang pangangailangan sa araw-araw, o apat na oras sa halip na anim na oras ng arawang paggawa ang kakailanganin para malikha ang katumbas ng halaga ng mga pang-araw-araw na pangangailangan. Sa dalawang

*shilling*, mabibili na ngayon ng manggagawa ang mga pangangailangang binibili niya dati ng tatlong shilling. Talagang lumiit ang *halaga ng paggawa*, pero tulad sa dati ang dami ng mga kalakal na mabibili ng lumiit na halaga niyon. Kaya, ang tatlong *shilling* na tubo ay magiging apat at tataas ang tantos ng tubo sa 200 porsyento mula sa 100 porsyento. Sa ganitong kaso, kahit hindi nagbago ang pamantayan ng pamumuhay ng manggagawa, ang kanyang relatibong sahod at *relatibong katayuang panlipunan* ay bumaba kumpara sa kapitalista. Kung lalabanan man ng manggagawa ang pagliit ng kanyang relatibong sahod, kinukuha lang niya ang ilang bahagi ng lumaking produktibong kakayahan ng kanyang paggawa at para mapanatili ang dati niyang relatibong katayuan sa lipunan. Kaya, pagkaraang mapawalang-bisa ang Corn Laws,

at sa tahasang paglabag sa mga pinakataimtim na pangakong ibinigay sa panahon ng pakikibaka laban sa Corn Laws, marami sa mga kapitalistang Ingles ang nagbaba ng sahod ng 10 porsyento. Nadurog sa umpisa ang pakikibaka ng mga manggagawa, pero bunga ng mga pangyayaring hindi ko magagawang talakayin ngayon, nabalik muli ang inawas na 10 porsyento.

2. Pwedeng hindi nagbago ang *halaga* ng mga pangangailangan at bunga nito ang *halaga ng paggawa*, pero nagkaroon ng pagbabago sa *salaping presyo* ng mga ito, bunga ng naunang *pagbabago sa* halaga ng salapi.

Sa pagkakatuklas ng mas mayamang minahan at iba pa, ang dalawang onsang ginto ay pwede halimbawang gugulan ng paggawang sindami dati nang sa isang onsa. Kaya, bababa ng kalahati o 50 porsyento ang *halaga* ng ginto. Dahil magiging doble ng dati ang *salaping presyo* ng *halaga* ng lahat ng kalakal, magiging doble rin ang *halaga ng paggawa.* Ang labindalawang oras paggawang ipinapahayag dati sa anim na *shilling* ay magiging 12 shilling na ngayon. Kapag nanatili sa tatlong *shilling* ang sahod ng manggagawa, *ang salaping presyo ng kanyang paggawa*, ay magiging *kalahati lamang ng halaga ng kanyang paggawa*, at magiging masahol ang kanyang katayuan sa buhay. Ganito rin humigit-kumulang ang mangyayari kapag tumaas ang kanyang sahod nang hindi ayon sa ibinaba ng halaga ng ginto. Sa ganitong kaso, walang nagbago alinman sa produktibong kakayahan ng paggawa, suplay at pangangailangan, o sa mga halaga. Walang nagbago maliban sa mga *pamansag* na salapi ng mga halagang iyon. Ang sabihing hindi dapat maggiit ang manggagawa na naaayong pagtaas ng sahod sa gayong kaso ay walang iniwan sa sabihing makontento na siya na bayaran ng mga pamansag, imbes ng mga bagay. Ipinakikita ng lahat ng nagdaang pangyayari na kung kailan nagaganap ang gayong pagliit ng halaga ng salapi, nakahandang sakmalin ng mga kapitalista ang ganitong pagkakataon para dayain ang manggagawa. Isang napakalaking grupo ng mga ekonomista ang nagsasabing bunga ng mga bagong natuklasang minahan ng ginto, humusay na paraan ng pagmimina ng pilak, at nagmurang suplay ng asoge, muling lumiit ang halaga ng mga mamahaling metal. Ito ang dahilan ng malawakan at sabay-sabay na paghinging itaas ang sahod sa Kontinente.

3. Hanggang sa ngayon ipinapalagay nating may mga limitasyon ang *arawang paggawa*. Pero, hindi nakapirmi ang mga limitasyon ng mismong arawang pagggawa. Ugali sa tuwina ng kapital na banatin ito sa kayang itagal ng katawan, dahil sa gayong paraan, mapalalaki ang sobrang paggawa na magbubunga ng paglaki ng tubo. Kung gaano nagtatagumpay ang kapital na pahabain ang arawang paggawa, gayon kalaki ang nahahamig nitong paggawa ng ibang tao. Noong ikalabimpitong siglo, at maski

nitong unang dalawang katlo ng ikalabingwalong siglo, sampung oras ang karaniwang arawang paggawa sa buong Inglatera. Sa panahon ng digmaang anti-Jacobin [14], na sa katunayan ay isang digmang inilunsad ng mga *British barons* laban sa masang manggagawang Ingles, nagpista ang kapital at binirit ang arawang paggawa nang mula sampu hanggang labindalawa, labing-apat at labingwalong oras. Sa isang polyetong nalathala noong 1815 ay sinabi ni Malthus, isang taong hindi ninyo pagsususpetsahang nagtitika sa kanyang mga kasalanan, na kapag nagpatuloy ang ganito masisira ang takbo ng bansa sa pinakapundasyon nito. [15] Ilang taon bago ang pangkalahatang paggamit ng mga bagong imbentong makina, bandang 1765, isang

polyeto ang lumabas sa Inglatera sa pamagat na *An Essay on Trade*. [16] Ipinahayag ng hindi nakilalang may-akda, isang lantarang kaaway ng mga uring manggagawa, ang pangangailangang banatin ang mga limitasyon ng arawang paggawa. Isa sa mga paraang ipinanukala niya para matamo ang layuning ito ay ang pagtatayo ng mga *bahay-trabahuan* na, aniya, ay kailangang maging mga "Bahay ng Lagim." At ano ang haba ng arawang paggawang iniatas niya para sa mga "Bahay ng Lagim" na ito? Labindalawang oras, ang haba ng panahon ng paggawa na noong 1832 ay ang mismong sinasabi ng mga kapitalista, ekonomista at mga pastor na hindi lamang ang kalakaran, kundi ang kailangang oras paggawa para sa mga batang wala pang labindalawang taong gulang. [17]

Sa pagbebenta ng kanyang lakas paggawa, at kailangan niyang gawin sa ilalim ng kasalukuyang sistema, ipinagkakaloob ng manggagawa sa kapitalista ang paggamit sa kakayahang iyon, pero sa ilalim ng mga makatwirang limitasyon. Ibenebenta niya ang kanyang lakas paggawa para mapanatili ito at hindi para sirain, maliban sa natural na pagkagastado nito. Sa pagbebenta ng kanyang lakas paggawa sa arawan o lingguhang halaga, nagkakaintindihan na hindi ito sagarang gagamitin ng dalawang araw o dalawang linggong walang puknat. Kunin natin ang makinang nagkakahalaga ng 1,000 pounds-sterling. Kung sampung taon ang itatagal nito, magdadgdag ito sa halaga ng mga kalakal na pinaggamitan nito ng 100 pounds-sterling sa taunan. Kung limang taon ang itatagal nito, 200 pounds-sterling ang taunang idadagdag nito; sa

madaling sabi, lumalaki ang taunang halaga ng pagkagastado nito habang lumiliit ang panahong itatagal ng pagseserbisyo. Dito nagkakaiba ang manggagawa at makina. Mas matagal malaspag ang makina kaysa kinukuwentang itatagal nito. Samantalang mas malaki ang nalalaspag sa tao kaysa sa nakikitang kuwentada ng kanyang pagtatrabaho.

Sa mga pagpupunyaging mapaigsi ang arawang paggawa sa dating haba nito, o kung saan hindi nila maigiit na itakda ng bats ang isang normal na arawang paggawa, ang masulitan ang sobrang pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagtaas ng sahod, isang pagtaas na hindi lamang ayon sa hinahamig na sobrang oras, kundi mas mataas pa, ginagampanan lamang ng mga manggagawa ang tungkulin nila sa kanilang sarili at sa kanilang uri. Nagtatakda lamang sila ng mga limitasyon sa malupit na pangangamkam ng kapital. Ang panahon (time) ay ang pagkakataon para sa pag-unlad ng tao. Ang taong walang libreng oras na magagamit, na ang buong buhay ay nakabuhos sa pagtatrabaho para sa kapitalista at inuudlot lamang ng pagtulog, pagkain, at iba pa, ay masahol pa sa hayop na pantrabaho. Isa lamang siyang makina sa paglikha ng kayamanan para sa ibang tao, na buung-buong ipinapaalipin ang katawan at kaluluwa. Pero, ipinapakita ng buong kasaysayan ng modernong industriya na kapag hindi inawat ang kapital, walang taros at malupit nitong ilalaglag ang buong uring manggagawa sa

sukdulang katayuang ito ng pagkakabusabos.

Sa pagpapahaba ng arawang paggawa pwedeng magbayad ng mas malaking sahod ang kapitalista, pero lumiit pa rin ang halaga ng paggawa, kung ang inilaki ng sahod ay hindi katumbas ng inilaki ng nahamig na paggawa at bumilis ang pagkalaspag ng lakas paggawa bunga niyon. May ibang paraan ng paggawa nito. Halimbawa, pwedeng sabihin sa inyo ng panggitnang uring nangangasiwa sa istadistika na tumaas ang karaniwang sahod ng pamilya ng mga manggagawa sa Lancashire. Nakalimutan nila na imbes na pagtatrabaho ng isang tao, ng padre de pamilya, pati ang kanyang asawa at maaaring tatlo o apat na anak ay kasama na rin ngayong ginugulungan ng Juggernaut wheel [18] ng kapital, at ang pagtaas ng kabuuang sahod ay hindi katumbas ng kabuuang sobrang paggawang nahahamig sa pamilya.

Kahit magkaroon ng mga limitasyon ang arawang paggawa, na umiiral na ngayon sa lahat ng sangay ng industriya sa ilalim ng mga batas pabrika, maaaring kailanganin pa ring itaas ang sahod para mapanatili man lamang ang dating pamantayan ng *halaga ng paggawa.* Sa *pagpapasidhi* ng paggawa, ang isang tao ay maaaring maobligang gumamit sa isang oras ng lakas na ginagamit niya dati sa dalawa. Sa mga negosyong saklaw ng mga Batas Pabrika, *nagagawa* ito sa ilang banda sa pamamagitan ng pagpapabilis sa makina at pagdadagdag sa dami ng makinang pinangangasiwaan ng isang tao. Kung ang pagsidhi ng paggawa o paglaki ng dami ng paggawang nagugol sa isang oras ay sinasabayan ng ilang makatwirang pag-igsi ng arawang paggawa, magiging panalo pa rin ang manggagawa. Kapag sinagad ang limitasyong ito, ikinatatalo niya sa isa ang ipinanalo niya sa kabila, at ang sampung oras paggawa ay maaaring kasing rindi rin ng dating labindalawang oras. Sa pagsupil sa tendensyang ito ng kapital, sa pakikibaka para maitaas ang sahod nang ayon sa itinaas ng sidhi ng paggawa, nilalabanan ang pagkalaspag ng kanyang paggawa at pagsahol ng katayuan ng kanyang uri.

4. Alam ninyong lahat na bunga ng mga kadahilanang hindi ko na muna ngayon tatalakayin, ang kapitalistang produksyon ay dumaraan sa mga panapanahong siklo. Dumadaan ito sa banayad na pagtakbo, unti-unting pagsigla, pananagana, sobrang kalakalan, krisis at istagnasyon o pagkabahura. Ang presyong palengke ng mga kalakal, at ang tantos ng tubo sa pamilihan ay sumusunod sa mga pagbabagong ito, na minsan ay mas mababa sa pamantayan at minsan nama'y mas mataas. Kapag tiningnan ang buong siklo, makikita ninyo na ang isang paglihis ng presyong palengke ay pinupunuan ng iba at, kung kukunin ang katamtaman ng siklo, ang mga presyong palengke ng mga kalakal ay itinatakda ng halaga ng mga ito. Buweno! Sa bahaging bumabagsak ang mga presyong palengke at mga bahaging krisis at istagnasyon, kundi man lubusang natanggal sa trabaho ang isang manggagawa, siguradong bababa ang kanyang sahod. Para hindi madaya, kahit sa gayong pagbagsak ng mga presyong palengke, kailangan niyang makipagtalo sa kapitalista kung sa anong antas dapat bumaba ang sahod. Kung sa yugto ng pananagana na nakakahamig ng ekstrang tubo ay hindi siya nakipaglaban na itaas ang sahod, batay sa katamtamang antas ng isang siklo ng industriya, hindi man lamang niya natanggap ang *karaniwang sahod* o ang *halaga* ng kanyang paggawa. Pinakamasahol na kabalbalan ang hindi humiling ng sapat na kabayaran sa panahong nananagana ang industriya samantalang natural na matinding maapektuhan ang kanyang sahod sa mga panahong nasa bagsak na yugto ang siklo. Karaniwan, nakukuha lamang ang halaga ng mga kalakal sa pamamagitan ng

pagpupunuan ng mga presyong palengke na walang tigil na nagbabago, na nagmumula sa walang tigil na pagtaas-pagbaba ng pangangailangan at suplay. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema ang paggawa ay isa lamang ding kalakal. Kaya, obligado itong magdaan sa gayunding pagtaas-pagbaba para makuha ang katamtamang presyong ayon sa halaga nito. Kalokohan ang ituring ito sa isang banda bilang isang kalakal, at gustuhin sa kabilang banda na ipuwera ito sa mga batas na nagtatakda sa mga presyo ng mga kalakal. Permanente at palagian ang mga pangangailangang natatanggap ng alipin; ang manggagawa, hindi. Minsan ay kailangan niyang sikaping makakuha ng mataas na sahod para lamang mapunuan ang ibinaba ng sahod na una pang nangyari. Kapag pumayag siya sa gusto ng kapitalista, sa mga dikta nito bilang walang maliw na batas pangkabuhayan, dadanasin niya ang lahat ng kalbaryo ng alipin, nang wala ang seguridad ng alipin.

5. Sa lahat ng nabanggit kong kaso, at sa isandaan ay siyamnapu't siyam ang mga ito, nakita niyo na buntot lang ng *naunang* pagbabago, na hindi maiaalis na ibunga ng mga naunang pagbabago sa halaga ng produksyon, mga produktibong kakayahan ng paggawa, halaga ng salapi, laki o tindi ng nahahamig na paggawa, mga pagtaas-pagbaba ng mga presyong palengke na nakadepende sa pagtaas-pagbaba ng pangangailangan at suplay, ayon sa iba't ibang bahagi ng siklo, ang pakikibaka para itaas ang sahod; sa madaling sabi, bilang mga reaksyon lamang ng manggagawa laban sa naunang aksyon ng kapital. Kapag trinato ang pakikibaka para itaas ang sahod nang walang pakialam sa lahat ng pangyayaring ito, nang nakatuon lamang sa pagbabago ng sahod at hindi iniintindi ang lahat ng pagbabagong inusbungan nito, magsisimula kayo sa maling batayan at makararating sa maling kongklusyon.

## XIV. ANG TUNGGALIAN SA PAGITAN NG KAPITAL AT PAGGAWA AT ANG MGA IBINUBUNGA NITO

1. Sa pagpapakitang ang panapanahong pakikibaka ng mga manggagawa laban sa pagliit ng sahod, ang kanilang panapanahong pagtatangkang pataasin ang sahod, ay hindi maihihiwalay sa sistemang sahuran, at itinatakda ng mismong pangyayaring isa lamang kalakal ang paggawa, kaya nakapailalim sa mga batas na nangangasiwa sa pangkalahatang kilos ng mga presyo; higit pa, sa pagpapakita na ang isang pangkalahatang pagtaas ng sahod ay magbubunga ng isang pangkalahatang pagbagsak ng tantos ng tubo, pero hindi maaapektuhan ang karaniwang presyo ng mga kalakal, o ang halaga ng mga ito, sumulpot ngayon sa bandang huli ang tanong kung hanggang saan magiging matagumpay ang manggagawa sa walang tigil na tunggaliang ito ng kapital at paggawa.

Isang masaklaw na pahayag ang pwede kong maisagot at sabihing tulad sa lahat ng iba pang kalakal, sa bandang huli, ang *presyong palengke* ng paggawa ay tutugma sa halaga nito; kaya, sa kabila ng mga taas-baba, at anuman ang kanyang gawin, sa karaniwan, ang *halaga* lamang ng kanyang paggawa ang matatanggap ng manggagawa, na mauuwi sa halaga ng kanyang lakas paggawa na itinatakda ng halaga

ng mga pangangailangan para mabuhay siya at ang kanyang pamilya, mga pangangailangang sa bandang huli ay itinatakda ang halaga ng dami ng paggawang kailangan para malikha.

Gayunman, may ilang di-pangkaraniwang larawan na nagpapakita ng kaibhan ng *halaga ng lakas paggawa o halaga ng paggawa* sa mga halaga ng iba pang kalakal. Dalawang elemento ang bumubuo sa halaga ng lakas paggawa - ang isa ay *pisikal* at ang pangalawa ay istorikal o panlipunan. Ang *ultimong hangganan* nito ay itinatakda ng elementong pisikal, ibig sabihin, para ito mapanatili at maparami, para mapamalagi itong buhay, kailangang pagkalooban ang uring manggagawa ng mga pangangailangang talagang hindi maiaalis sa pamumuhay at pagpapamilya. Kaya, ang *halaga* ng gayong mga hindi maiaalis na pangangailangan ang bumubuo ng ultimong hangganan ng *halaga ng paggawa*. Sa kabilang banda, nasasagad din ang haba ng arawang paggawa bagaman nababanat ang mga hangganan. Itinatakda ng itatagal ng katawan ng manggagawa ang ultimong hangganan nito. Kapag sumobra ang araw-araw na paggamit sa kanyang mga mahalagang lakas, hindi mapapanauli ang mga iyon sa araw-araw. Pero, gaya ng nasabi ko, masyadong nababanat ang limitasyong ito. Para sa pamilihan ng paggawa, ang mabilis na rilyebo ng mga henerasyong hindi malusog at maigsi ang buhay ay isang serye ng suplay ng mga henerasyong masigla at mahaba ang buhay.

Bukod sa pisikal na elemento lamang ito, itinatakda ang halaga ng paggawa sa bawat bansa ng *tradisyunal na pamantayan ng pamumuhay.* Hindi naman basta na lamang binubuhay ang tao, kundi inilalagay siya sa angkop na lugar at pinalalaki na tinutugunan ang mga pangangailangang iniusbong ng mga kalagayang panlipunan. Ang pamantayan sa buhay ng Ingles ay pwedeng iba sa pamantayan ng Irish; ang pamantayan sa buhay ng magsasakang Aleman, sa magsasakang Livonian. Malalaman natin ang mahalagang papel na ginagampanan ng tradisyon at kaugaliang panlipunan sa akda ni Ginoong Thornton na *Overpopulation,* [19] kung saan ipinakita niya na hanggang ngayon masasabing nagkakaiba-iba pa rin ang karaniwang sahod sa iba't ibang distrito ng Inglatera, depende sa kung anong mga kalagayan ang sinubulan ng naturang mga distrito mula sa kalagayan ng pagkatimawa.

Ang istorikal o panlipunang elementong ito na pumapasok sa halaga ng paggawa ay pwedeng palakihin, paliitin o buung-buong alisin, para wala nang matira kundi ang *pisikal na limitasyon* na lamang. Sa panahon ng *giyerang anti-Jacobin* na "inilunsad para sagipin ang mga kaalwan ng ating banal na relihiyon sa pananalasa ng mga tampalasang Pranses," anang madalas sabihin ng tamad ngunit sakim at saragateng pulitikong si George Rose, na maingat nating tinalakay sa isang nauna nating kabanata, isinagad ang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura nang mas *mababa pa sa* pangangailangang pisikal na lamang, at pinapunuan sa Poor Laws [20] ang mga kakulangan para makabuhay ng pamilya. Ito ay isang kasiyasiyang paraan ng pang-aalipin sa sahurang manggagawa, at pagsadlak sa pamumulubi sa mapagmalaking magsasaka sa dula ni Shakespeare.

Sa pamamagitan ng paghahambing sa mga pamantayang sahod o mga halaga ng paggawa sa iba't ibang bansa, at sa pamamagitan ng paghahambing sa mga iyon sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng ibang bansa, makikita ninyo na ang mismong *halaga*

*ng paggawa* ay hindi isang pirming kantidad kundi pabagubago, kahit ipalagay na hindi nagbabago ang halaga ng ibang kalakal.

Patutunayan ng isang paghahambing na tulad nito na hindi lamang ang *mga tantos ng tubo sa pamilihan* ang nagbabago kundi pati ang *karaniwang tantos ng tubo* nito.

Pero, tungkol sa *tubo*, walang batas na nagtatakda kung magkano ang *minimum*. Hindi natin masasabi kung gaano ang pinakasagad na ibababa nito. At bakit hindi natin maitakda ang gayong limitasyon? Kasi, bagamat maitatakda natin ang *pinakaminimum* na sahod, hindi natin maitatakda ang *maksimum*. Masasabi lamang natin na sa pagkakaunawa sa mga limitasyon ng arawang paggawa, tumutugma ang *maksimum ng tubo* sa *pisikal na minimum ng sahod* o sahod na kailangan para mabuhay lang ang manggagawa; at dahil alam kung magkano ang sahod, depende ang *maksimum ng tubo* kung gaano napahaba ang arawang paggawa ayon sa pisikal na kakayahan ng manggagawa. Kaya, ang *maksimum ng tubo* ay nililimitahan ng pisikal na minimum ng sahod at pisikal na maksimum ng arawang paggawa. Talagang posible ang sangkaterbang antas ng pagkakaiba-iba ng dalawang limitasyong ito ng *maksimum na tantos ng tubo.* Naitatakda lamang ang aktuwal na antas nito sa pamamagitan ng patuloy na tunggalian ng kapital at paggawa, na walang tigil na sinisikap ng kapitalista na ibaba ang sahod sa pisikal na minimum at pahabain ang arawang paggawa sa pisikal na maksimum samantalang sinisikap naman ng manggagawa na mahatak sa kabaligtarang direksyon.

Depende lamang ang usaping ito kung sino ang mas malakas sa mga nagtutunggali.

2. Tungkol sa *limitasyon ng arawang paggawa* sa Inglatera, tulad sa lahat ng bansa, hindi ito kailanman naisaayos nang hindi *nanghimasok ang batas.* Kung wala ang patuloy na paggigiit ng manggagawa, hindi kailanman mangyayari ang gayong panghihimasok. Pero kahit kailan, hindi mangyayaring magkaayos ang manggagawa at kapitalista kung pababayaan lamang ang mga ito. Ang mismong pangangailangan ng pangkalahatang pampulitikang pagkilos ay nagpapatunay na nakalalamang ang kapital sa kilos pang-ekonomya.

Tungkol sa mga *limitasyon ng halaga ng paggawa*, laging nakadepende ang aktuwal na pagsasaayos nito sa suplay at pangangailangan, ibig sabihin, sa dami ng paggawang kailangan ng kapital at dami ng paggawang itinutustos ng mga manggagawa. Sa mga kolonyang bansa, pumapabor sa manggagawa ang batas ng suplay at pangangailangan. Kaya mas mataas ang sahod sa Estados Unidos kumpara sa ibang bansa. Doon, pwedeng kailanganin ng kapital na magsikhay nang husto. Hindi nito mapipigilan ang pamilihan ng paggawa na patuloy na masaid bunga ng walang tigil na pagiging malaya at nagsasariling magsasaka ng mga sahurang manggagawa. Marami sa mamamayang Amerikano ang pansamantala lamang na nagiging sahurang manggagawa, na iniiwan nila sa malao't madali. [21] Para makumpuni ang ganitong takbo, ginamit ng nangangalagang gubyernong Ingles sa ilang panahon ang tinatawag nitong modernong teorya ng kolonisasyon, na naglalaman ng artipisyal na pagtaas ng presyo ng lupa sa kolonya para mahadlangan ang masyadong mabilis na kumbersyon ng mga sahurang manggagawa tungo sa isang nagsasariling magsasaka.

Dumako naman tayo ngayon sa mga bansang matagal nang sibilisado kung saan nangingibabaw ang kapital sa buong proseso ng produksyon. Tingnan natin, halimbawa, ang pagtaas ng sahod sa agrikultura mula 1849 hanggang 1859. Ano ang ibinunga nito? Hindi magawa ng mga magsasaka na itaas ang halaga ng trigo, gaya ng ipinapayo sa kanila ng kaibigan nating si Weston, maski man lamang nga ang presyong palengke niyon. Manapa'y naobliga silang tanggapin ang pagbaba niyon. Pero, sa loob ng labing-isang taong ito, gumamit sila ng lahat na ng klaseng makina, mas siyentipikong mga pamamaraan, ginawang pastulan ang ilang bukirin, pinalaki ang mga sakahan, na nagbunga ng paglaki ng produksyon, at sa pamamagitan nito at ng iba pang paraan, at napaliit ang kailangang paggawa sa pamamagitan ng pagpapalaki ng produktibong kakayahan kaya medyo sumobra ang dami ng populasyon sa agrikultura. Sa ganitong paraan kadalasang nangyayari ang reaksyon ng kapital sa pagtaas ng sahod sa mga datihan at matagal nang pinaninirahang bansa, na depende na lamang kung gaano kabilis. Tama ang sinabi ni Ricardo na ang makina ay palaging nakikipagkompetensya sa paggawa, at kalimita'y pwede lamang gamitin kapag masyado nang mataas ang presyo ng paggawa, [22] iyon nga lamang at ang paggamit ng makina ay isa sa maraming paraan para palakihin ang produktibong kakayahan ng paggawa. Ang mismong kaunlarang ito na medyo hindi nangangailangan ng karaniwang paggawa ay nagpapasimple naman sa sanay na paggawa, kaya ibinababa ang presyo nito.

Nangyayari ang batas na ito sa iba pang paraan. Sa pag-unlad ng mga produktibong kakayahan ng paggawa bumibilis ang akumulasyon ng kapital kahit sa kabila ng pangyayaring mas mataas ang tantos ng sahod kung ikukumpara. Kaya mahihinuha ninuman, gaya ng nahinuha ni Adam Smith na nabuhay sa panahong nasa kamusmusan pa lamang ang modernong industriya, na papabor sa manggagawa ang takbo ng mga pangyayari sa pagbilis ng akumulasyon ng kapital, bunga ng paglaki ng pangangailangan para sa kanyang paggawa. Batay sa punto-de-bistang ito, maraming manunulat sa kasalukuyan ang nagtataka kung bakit hindi gaanong tumaas ang sahod samantalang lumaki ang puhunang Ingles nang mas mabilis pa sa paglaki ng populasyon nitong nakalipas na dalawampung taon. Pero sabay ng pagsulong ng akumulasyon nagkakaroon ng *malaking pagbabago sa komposisyon ng kapital.* Malaki ang itinaas ng bahagi ng kabuuang kapital na nasa nakapirming kapital *(fixed capital),* makina, mga materyales, sa lahat ng klase ng gamit sa produksyon, kumpara sa bahaging para sa sahod o pambili ng paggawa. Ideneklara ang batas na ito, sa masasabing wastong paraan, nina Ginoong Barton, Ricardo, Sismondi, Propesor Richard Jones, Propesor Ramsey, Cherbuliez, at iba pa.

Kung sa umpisa ay isa sa isa ang tumbasan ng dalawang bahaging ito ng kapital, magiging lima sa isa ito, at sosobra pa sa pagsulong ng industriya. Kung sa kabuuang kapital na 600 ay 300 ang inilagak sa mga kagamitan, materyales at iba pa, at 300 sa sahod, kailangan lang doblehin ang kapital para makapag-empleyo ng 600 manggagawa sa halip na 300. Pero, kung sa kapital na 600, 500 ang inilagak sa makina, materyales, at iba pa, at 100 lamang sa sahod, kailangang lumago ang kapital na ito sa 3,600 para makapag-empleyo ng 600 manggagawa sa halip na 300. Kaya sa pagsulong ng industriya, hindi sumasabay ang pagdami ng kailangang paggawa sa akumulasyon ng kapital. Lalaki ang bilang nito, pero sa paliit nang paliit na *ratio* kumpara sa inilalaki ng kapital.

Sapat na ang ganitong pahiwatig para makita na magagamit ng kapitalista laban sa manggagawa ang mismong pag-unlad ng modernong industriya, at bunga nito, ang magiging pangkalahatang tunguhin ng kapitalistang produksyon ay hindi ang pataasin, kundi pababain ang karaniwang pamantayan sa sahod, o itulak ang *halaga ng paggawa* sa kakayaning minimum na limitasyon nito. Sa gayong *takbo ng mga pangyayari* sa sistemang ito, ibig bang sabihin na dapat nang talikdan ng uring manggagawa ang kanilang pakikibaka laban sa mga pananakal ng kapital, at talikdan ang kanilang mga pagtatangkang magamit ang mga panapanahong pagkakataon para pansamantalang mapaigi ang kanilang katayuan? Kung ginawa nila iyon, lalo sana silang naging mga kawawang taong wala nang kapagapag-asa. Palagay ko ay naipakita ko na, na ang mga pakikibaka nila para sa pamantayang sahod, na 99 sa bawat 100 na kaso ng kanilang pagpupunyaging maitaas ang sahod, ay mga pagsisikap lamang na mapanatili ang isang naitakdang halaga ng paggawa, at ang pangangailangang makipagtunggali sila sa kapitalista tungkol sa kanilang presyo ay likas sa kanilang katayuang obligadong magbenta nang sarili bilang kalakal. Kung duwag silang harapin ang araw-araw na pakikibaka laban sa kapital, lalong hindi sila uubrang magpasimula ng mas malaking kilusan.

Kasabay nito, at medyo naiiba sa pangkalahatang pang-aaliping nasa balangkas ng sistemang sahuran hindi dapat ipagmalaki ng mga manggagawa ang mga natatamo nila sa araw-araw na mga pakikibakang ito. Hindi nila dapat makalimutan na ang mga epekto lamang ang kanilang nilalabanan at hindi ang mga sanhi ng epektong iyon, na nahahadlangan lamang nila ang pababang tunguhin, pero hindi nababago ang direksyon; na pinapakalma lamang nila at hindi ginagamot ang sakit. Kaya hindi dapat matuon lamang ang kanilang pagkilos sa hindi maiiwasang gerilyang labanang ito na walang humpay na sumisibol sa walang tigil na pananakal ng kapital o mga pagbabago sa pamilihan. Dapat nilang maunawaan na sa kabila ng lahat ng kalbaryong ipinararanas sa kanila ng kasalukuyang sistema, sabay na inilalatag nito ang mga *materyal na kondisyon* at mga *pormasyong panlipunang* kailangan sa rekonstruksyong pang-ekonomya ng lipunan. Sa halip na *konserbatibong* panawagang "Patas na sahod para sa patas na araw paggawa," kailangang imarka sa kanilang bandila ang rebolusyonaryong panawagang "Lansagin ang sistemang sahuran!"

Pagkatapos ng napakahaba, at baka nakababagot na ngang paliwanag na obligado kong gawin para mahusay na mailinaw ang paksa, magtatapos ako sa pagpapanukala ng sumsunod na mga resolusyon:

1. Ang isang pangkalahatang pagtaas ng sahod ay magbubunga ng pagbagsak ng pangkalahatang tantos ng tubo, pero karaniwa'y hindi makakaapekto sa presyo ng mga kalakal.

2. Ang pangkalahatang tendensya ng kapitalistang produksyon ay hindi ang itaas, kundi ibaba ang karaniwang pamantayan sa sahod.

3. Ang mga Unyon ay nagsisilbing mga sentro ng pakikibaka laban sa mga pananakal ng kapital. Nabibigo sila sa partikular bunga ng maling paggamit sa kanilang pwersa. Nabibigo sila sa pangkalahatan bunga ng paglilimita ng kanilang mga sarili sa digmang gerilya laban sa mga epekto ng umiiral na sistema, sa halip na sabayang sikaping palitan ito, imbes na gamitin ang kanilang organisadong pwersa bilang tuntungan para sa ganap na paglaya ng uring manggagawa sa bandang huli, ibig sabihin, sa ultimong

pagpawi ng sistemang sahuran.

*(Sinulat ni Marx sa pagtatapos ng Mayo hanggang Hunyo 27, 1865 sa wikang Ingles. Unang nalathala bilang pulyeto sa London noong 1898).*

MGA TALA

[1] Ang akdang ito ay talumpating binigkas ni Marx sa wikang Ingles sa mga sesyon ng Pangkalahatang Konseho ng Unang Internasyonal noong Hunyo 20 at 27, 1865. Bunga ang talumpating ito ng diskursong binigkas ni Ginoong John Weston, isang miyembro ng Pangkalahatang Konseho noong Mayo 2 at 23. Sa kanyang mga talumpati, sinikap patunayan ni Weston na walang mabuting ibubunga sa mga manggagawa ang isang pangkalahatang pagtaas ng tantos ng sahod, at samakatuwid, may "masamang" epkto ang mga unyong pabrika. Naingatan ang manuskrito ng talumpating ito ni Marx. Una itong inilathala sa London noong 1898 ng anak niyang si Eleanor Marx Aveling sa pamagat na "Value, Price and Profit" na may pambungad ni Edward Aveling. Sa manuskrito walang pamagat ang pasakalye at ang unang anim na seksyon. Ang pamagat na ginamit sa edisyong ito ang karaniwang kinikilala.

[2] *Maximum Laws*: Itinadhana noong 1793 at 1794 ng kombensyon ng mga Jacobins sa panahon ng Rebolusyong Pranses. Itinakda ang hangganan ng presyo ng mga kalakal at pinakamataas na sahod.

[3] Noong Setyembre 1861 (1860 sa manuskrito ni Marx), idinaos ng British Association for the Advancement of Science ang ika-31 taong kombensyon nito sa Manchester, na dinaluhan ni Marx na panauhin noon ni Engels sa naturang lungsod. Nagtalumpati rin dito si William Newmarch, pangulo ng lupon sa ekonomya ng asosasyon na maling naisulat ni Marx na Newman. Ang pamagat ng talumpating binigkas ay mula sa isang ulat na pinamagatang "On the Extent to Which Sound Principles of Taxation Are Embodied in the Legislation of the United Kingdom." (Basahin ang *Report of the Thirty-First Meeting of the British Association for the Advancement of Science*, na idinaos sa Manchester noong Setyembre 1861, London, 1862, p. 230.)

[4] Tungkol ito sa anim na aklat ng kasaysayan ng industriya, komersyo at pananalapi ng ekonomistang Ingles na si Thomas Tooke. Hiwahiwalay na nalathala ang mga aklat sa mga pamagat na: *History of Prices and of the State of the Circulation, from 1793 to 1837*, London, 1838, Vols. I-II; *A History of Prices and the State of the Circulation, in 1838 and 1839,* London, 1840; *A History of Prices and the State of Circulation, from 1839 to 1847* Inclusive, London, 1848; at T. Tooke & W. Newmarch, *A History of Prices and the State of the Circulation, During the Years 1848-1856,* London, 1857, Vols. V-VI.

[5] Basahin ang *Observations on the Effect of the Manufacturing System*, London, 1817, p.76, ni Robert Owen. Unang nalathala ang aklat noong 1815.

[6] Ang malawakang demolisyon ng mga bahay ng mga manggagawa sa agrikultura sa Inglatera sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo ay bumuntot sa masiglang pag-unlad ng kapitalistang industriya at pagsisimula ng kapitalistang sistema ng produksyon sa agrikultura sa panahong may "relatibong sobrang produksyon" sa kanayunan. Ang malawakang demolisyon ng mga bahay ay pinabilis ng pangyayaring ang halagang ibinabayad ng may-ari ng lupa sa *poor rate* ay nakadepende nang malaki sa bilang ng mga taong nakatira sa kanyang lupa. Kaya talagang winasak ng mga may-ari ng lupain ang mga bahay na hindi nila kailangan at magagamit na silungan ng "sobrang" populasyon. (Para sa ditalye, basahin ang akdang *Kapital* ni Karl Marx, FLPH, Moscow, 1954, Vol. I, pp. 673-96.)

[7] Ang *The Society of Arts*, na itinatag sa London noong 1754, ay isang pilantropong institusyon ng mabubuting burges. Ang ulat sa "The Forces Used in Agriculture" ay binigkas ni John Chalmers Morton, na yumao noong 1864.

[8] Ang Corn Laws ng Britanya, na naglalayong sagkaan o ipagbawal ang pag-angkat ng butil, ay itinadhana para sa kapakanan ng malalaking may-ari ng lupain. Ang pagpapawalang-bisa sa mga batas na ito ng Parlamento ng Britanya noong 1846 ay nangangahulugan ng pagtatagumpay ng burgesyang industriyal na nakibaka laban dito sa ilalim ng islogang malayang kalakalan.

[9] Basahin ang akdang *On the Principles of Political Economy and Taxation* ni David Ricardo, London, 1821, p.26. Ang unang edisyon ng aklat ay nalathala sa London noong 1817.

[10] Basahin ang *Works*, Benjamin Franklin, Boston, 1836, Vol. II.

[11] Adam Smith, *An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations*, Edinburg, 1814, Vol. I, p.93.

[12] "Lakas-Paggawa" sa kinikilalang salin sa Ingles ng *Kapital.*

[13] Thomas Hobbes, "Leviathan, or the Matter, Form, and Power of a Commonwealth, Ecclesiastical and Civil," *English Works, London,* 1839, Vol. III, p.76.

[14] Tungkol ito sa mga digmang inilunsad ng Inglatera laban sa Pransya mula 1793 hanggang 1815 sa panahon ng rebolusyong burges sa Pransya sa pagtatapos ng ika-18 siglo. Sa panahon ng mga digmang ito, nagtatag ang Gobyerno ng Britanya ng malupit na rehimen laban sa mga anakpawis. Partikular noong panahong ito, maraming pag-aalsa ng mamamayan ng Inglatera ang sinupil at nagpalabas ng mga batas na nagbabawal sa pag-uunyon.

[15] Ang pinatutungkulan ni Marx ay ang pulyetong *An Inquiry into the Nature and Progress of Rent, and the Principles by which it is Regulated* ni Thomas Malthus, London, 1815.

[16] Tungkol ito sa pulyetong *An Essay on Trade and Commerce: Containing Observation on Taxes,* Anonymous, London, 1770. Pero ipinalalagay na si J. Cunningham ang sumulat nito.

[17] Tungkol ito sa debate sa Parlamento ng Britanya hinggil sa pagtatrabaho ng mga bata at menor de edad, noong Pebrero at Marso 1832 na sumulpot sa Panukalang Batas na Sampung Oras na Araw Paggawa *(Ten Hours Bill)* na ipinasok noong 1831.

[18] Ayon sa Hinduismo si *Juggernaut* ay isang anyo ng diyos na si Vishnu. Ang kulto ni Juggernaut ay kinatatangian ng magarbong seremonya at panatikong pasyon na kakikitaan ng mga pagsusunog sa sarili at pagpapatiwakal. Sa panahon ng seremonya, ikinakarga sa malaking sasakyan ang larawan ni Vishnu-Juggernaut, at marami sa mga namamanata ang nagpapasagasa.

[19] W.T. Thornton, *Over-population and its Remedy,* London, 1846, p.73.

[20] Sa ilalim ng Poor Laws ng Inglatera, na unang ipinalabas noong ika-16 na siglo, ang parokya ay nangungolekta ng *poor rates* sa mga nasasakupan nito. Nililimusan ang mga taong walang pansustento sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya.

[21] Karl Marx, *Capital*, FLPH, Moscow, 1954, Vol. I, Chap. XXXIII, p.765, Note 1.

Ang pinag-uusapan natin dito ay mga tunay na kolonya, mga lupang hindi pa nabubungkal, na kinolonya ng mga malayang taong nandayuhan sa mga lugar na ito. Sa bahagi ng ekonomya, kolonya pa rin ng Europa ang Estados Unidos. Bukod pa, nabibilang din sa kategoryang ito ang mga lumang plantasyon na ganap na nagbago ang katangian sa pagkakalansag ng pang-aalipin.

Dahil sapilitang ginagawang pribadong ariarian ang lahat ng lupa sa mga kolonyang bansa, nawala ang posibilidad na maging nagsasariling produktor ang sahurang manggagawa.

[22] David Ricardo, *On the Principles of Political Economy, and Taxation,* London, 1821, p.479.